


MGA TANONG AT MGA SAGOT

MGA HEBREO BAHAGI III

 . . . ang maparito ngayong gabi sa tabernakulo, na umasa sa kahanga-hangang pagbubuklod na ito at makasamba sa palibot ng Salita ng Diyos na ibinigay sa atin nang walang bayad. At tayo po'y . . . gustung-gusto nating maging kasalo sa pagpapala na ito.

⁵⁵⁴ At sadyang nagtitiwala ako na pagpapalain tayo ng Diyos sa gabing ito gaya ng ginawa Niya kaninang umaga, doon sa mensahe kaninang umaga. At kau-kausap ko ang kapitbahay ko, si Gng. Wood, kanina, at pinag-uusapan namin 'yun, at nandun din si G. Wood at sila. At naniniwala ako na 'yun ang pinaka mainam na pangangaral ni Kapatid na Neville sa lahat na mainam na mensaheng naipangaral na niya, 'yun po ang pinaka mainam sa tingin ko sa lahat ng naipangaral na niya. Tunay na hinahangaan at pinasasalamatang ko ang kahanga-hangang pangangaral na 'yun. At nagbibigay 'yun ng lakas ng loob sa akin, at tinapyas ako nun. Kaya gusto kong—gusto kong aminin ang katotohanan, alam n'yo. Haya't, doon sa mga bahagi tungkol sa pagpapakatampang, alam n'yo, ang maging matampang, at kung papaano na . . . si David noon, at kung papaanong siya . . . Habang naroon siya sa grabeng pagsubok na 'yun, sa halip na sabihin "Buweno, ito po ang gagawin ko, Panginoon, kaya tulungan Mo na lang ako," haya't naghintay siya, dumulong at hiniling sa Panginoon kung ano ba ang gagawin. Ipinakuha niya 'yung ephod, alam n'yo, at ang sabi, "Ngayon tumayo tayo at tanungin ang Diyos, 'Ano ba ang dapat nating gawin sa krisis na ito?'" Oh, napakayaman nun. Napakayaman ng pangangaral na 'yun sa bitamina kaysa sa lahat ng mga botika na mayroon sa bansang ito. Siyanga, po, tunay na mabuti ang hatid nun sa inyo.

⁵⁵⁵ Ngayon, sa gabing ito, hindi tayo—hindi tayo magpapakatagal na aabot ng hatinggabi, kung makakaya natin, sa mga tanong na ito. Kaya tayo po'y—tayo po'y dadako na sa mga ito, agad-agad. Tatapusin na po ang mga huling mga tanong na ito rito, at sa tuwing malapit na akong matapos sa mga ito . . . Ngayon, Kapatid na babaing Hattie, hindi ko ibig sabihin, alam mo 'yan. Sinasabi ko—sinasabi ko lang 'yun, kita n'yo; at, sige. Pero may matitinding mga tanong ako rito mula sa isang ministro, at napaka hirap pong sagutin. Alam n'yo, ang mga mangangaral, talagang pinapaikot-ikot nila ito sa Biblia at sinusubukan nilang sumapit sa sarili nilang kasagutan bago ka nila tanungin, kita n'yo. At pagkatapos . . . at ito po'y nirekord sa teyp, na ipadadala sa Georgia sa isang ministrong kaibigan

ko dun na may walong katangi-tanging mga tanong sa Biblia rito na talaga pong, talagang matatarik.

⁵⁵⁶ At ngayon, itong parating pong sanlinggo, huwag n'yong kalimutan at kami po'y ipanalangin n'yo.

⁵⁵⁷ At ang maybahay ko po'y umaayos-ayos na ang lagay niya; siya po'y nakakatayo na, at tumulong pa siya sa pagluluto, ngayong araw na ito. Ang kalugud-lugod nating mga kaibigan mula Canada, Kapatid na lalaki, Kapatid na babaing Sothmann, nandito sila na bumibisita sa atin, at tunay na ikinalulugod natin ang kanilang pagbisita. At ang maybahay ko, yamang nalalaman na papunta sila, hayan nga, siya nga'y nagsikap na makatayo para maasikaso at makasama ang kalugud-lugod na mga Cristianong ito. Ikinagagalak po natin na kasama natin si Kapatid na Freddie ngayong gabi, at ang maybahay niya'y sinamahan ng. . . Nandito siya kaninang umaga, pero sa palagay ko sinamahan siya ni. . . hindi, o tama pala, siya po'y kasama ngayon ni Meda, na parang sinasamahan siya habang papunta kami rito; dahil alam ko na gagabihin tayo ngayong gabi, may komunyong po at paghuhugasan ng paa. Kaya ikinagagalak natin sila at ang mga bisita na kasa-kasama natin.

⁵⁵⁸ Ngayon, bago natin simulan na iraos na sagutin ang mga tanong na ito. . . At isipin n'yo po na puwede akong magkamali—puwede akong magkamali, kita n'yo, hindi ko—hindi ko inaangkin na tama ako palagi sa lahat ng ginagawa ko. Sinisikap ko—sinisikap kong maging tama, pero baka mali ako—mali ako. At—at kung mali ako, ako po'y patawarin n'yo; at nananalangin ako na patatawarin ako ng Diyos, din, dahil hindi ko sinasadya na magkamali. Hindi ko sinisikap sagutin ang mga ito na para lang ma- . . . o sa paraan na para bang ako'y. . . may pagkiling, sinasagot ko po ang mga ito sa pinaka mainam kong nalalaman, kita n'yo. At kung kinakailangan kong baguhin ang pag-iisip ko sa isang tanong sa Biblia, sa palagay ko'y 'yun naman talaga ang dapat gawin. Tayo po dapat ang mabago, anumang oras, kapag ang Salita na ng Diyos ang nagsasalita; dahil ito'y ang Salita ng Diyos.

⁵⁵⁹ At ngayon, sa palagay ko'y mananalangin tayo para sa mga maysakit ngayong gabi, gaya ng kinagawian. At kung minsan napapaisip ka; titipunin mo ang munting grupo rito nang parang ganito, kakaunti lang, oh, ang munting tabernakulo rito, at kung minsan hindi mo nakikita ang mga resulta na inaasam mo sanang makita. Pero kung tutuusin, itong ginagawa mo, humuhugot ka mula sa nasa dalawang-daang tao. At kung sa isa sa malalaking pagtitipon, marahil humuhugot ka sa mga nasa tatlo o sampung libo, kita n'yo, at—at kung minsan pa nga'y higit pa. Kaya ganoon po 'yun, mas matindi po 'yung nasasaksihan n'yo sa ganoon. Pero ngayong gabi, heto po na sinasagutan ko na. . . Mangyari nga na ang telepono ay nagri-ring maya't maya nang buong araw at ilang bahagi ng gabi.

560 Si Gng. Reisert po ba itong nakaupo rito, na tinitingnan ko? Ang Biblia mo, kapatid, na kay Kapatid na babaing Wood po diyan sa likod. Dinala ko 'yun kaninang umaga para sa iyo, at hindi lang ako—hindi lang ako nagkaroon ng panahon na ibigay 'yun sa iyo. At di kita—di kita nakita kaninang umaga, at nakay Gng. Wood po ito.

561 Kaya sinasagot ko 'yung mga tawag sa telepono at nababalitaan ko ang mga—ang mga dakilang bagay na nangyari. At may ginang na tumawag, ang sabi niya, “Kapatid na Branham, nasa *ganito-ganoong* pagtitipon ako at pinahihirapan ako ng *ganito-ganoong* suliranin nang *sobrang* tagal na. At, alam mo, noong magsalita ka lamang dun, haya't bigla na lang. . .” Sabi, “Para bang hihimatayin ako noong papanumbalikin Nito ang buhay.” Tapos sabi, “At di na ako nagdudusa pa mula noon.”

562 At may ginang na tumawag din at ang sabi. . . Sa palagay ko nandito siya ngayong gabi, o nagmamaneho pa lang mula Bedford, sa palagay ko, o kung saan man doon. Ang anak nilang lalaki ay nakadalo dito noon, sa palagay ko, na may sakit sa puso, at masama po ang kalagayan. At nakaupo siya sa pagtitipon dito, at—at ang Panginoon ay kumikilos sa paligid at hinipo. . . sinaysay sa kabataang lalaki ang sakit niya, at ang kabataan nga'y halos hindi niya maitaas ang braso niya, at dahil sa atake sa puso, at 'yung braso niya'y pinulikat nang husto, at 'yung puso niya'y parang gumanito. At agad-agad na pinasakay siya sa kotse at pinagmaneho na pauwi, wala na 'yung nagpapaligalig sa kanya mula noon. Nandito ba 'yung ginang na 'yun na mula Bedford? Nandito ka ba, ginang? Hayan po pala siya, nasa likod. Siya, tumawag siya sa akin, kani-kanina lang.

563 Tapos may isa pang ginang na tumawag sa akin na mula naman sa Evansville. At hindi nga lang siya makapunta rito dahil ang layo niya, di rin niya alam na may gawain tayo ngayong gabi para sa pagpapagaling. At sabi niya, “Kapatid na Branham, nandun po ako noon sa pagtitipon sa Evansville,” tapos sabi, “tumingin ka roon sa madla at nagsabi. . . sinaysay mo sa akin kung sino ako, at kung ano ang mga nagawa ko, at kung ano 'yung nagpapahirap sa akin, at iba pang gaya nun.” Tapos sabi niya, “May hika nga ako, at kinakailangan kong magpausok sa Asthmador at lahat sa silid mula noong maliit na bata pa ako.” Sabi, “Dalawang taon na ang nakalilipas, at wala na ako ni katiting nito mula noon.” Kita n'yo?

564 At para sa inyo na nandito ngayong gabi, na wala rito kaninang umaga para magalak sa patotoo; nasa isang baratilyong tindahan po ako, bumibili ng manika, kahapon. Ngayon, hindi po 'yun para sa akin, kita n'yo. Para po sa munti kong anak na batang babae, si Rebekah, diyan. At—at may pupuntahan din si Sarah na kung ano, o parang ganoon, ngayong araw. Parang may salo-salo siya kasama ang kanyang mga kaklase, parang kaarawan o kung ano, at reregaluhan niya ang

kaklase niya ng munting regalo; at bumibili ako nung munting manikang sanggol, mga *ganitong* kalaki. At may binibini na lumapit dun, sabi, “Naaalala mo pa ba ako?”

565 Tapos sabi ko, “Sa palagay ko hindi po.”

566 At nalaman ko, na kamag-anak pala ni Kapatid na Neville dito, na mga . . . nakahanda na ako noon na bumiyahe papuntang Sweden noon, sila . . . Dumalo siya rito, may isinamang munting batang lalaki na nasa silyang de gulong, gaya po ni munting Edith diyan, at ’yung bata po’y may kanser, may malignant na bukol sa utak. At ’yung munting ulo ng bata’y nakayuko na lang, at siya . . . at tinangingan na siya ng mga doktor na tatlong linggo na lang daw siyang mabubuhay. Inoperahan naman nila ’yun at sinuri, at nakita nilang ’yun pala’y . . . kung ano ’yun, at tinangingan ang batang lalaki ng tatlong sanlinggo na lang para mabuhay. At tulak-tulak nila siya sa isang silyang de gulong, at pagkatapos inililipat siya sa isang stretcher kapag ipinapasok siya sa silid at sinusuri, at pagkatapos ibinabalik nila siya. Nilapitan ko at ipinanalangin ang munting batang lalaki, at hiningi sa Panginoon na pagalingin siya. At nung kasunod na kasunod na araw mismo, noong dalhin nila siya roon, ang sabi, “Ayaw ko na nitong silyang de gulong.”

567 Isinakay siya sa kotse at ipinagmaneho roon, at inilabas ng doktor ang stretcher, sabi, “Ayaw ko n’yang stretcher.”

568 Lumakad siya mismo roon at umupo, sinuri siya ng doktor, sabi, “Buweno,” sabi, “sa halip na tatlong sanlinggo, ang ibinibigay ko na ngayon sa iyo ay sandaan at walong taon na mabubuhay ka.”

569 At, kahapon po’y, nakasalubong ako ng nanay niya. At marahil nandito siya, sa abot ng nalalaman ko, ngayong gabi. At aba’y ang munting batang lalaki’y nakakapaglaro na ng football sa labas, binatilyo na po ngayon. Malignant, kanser sa utak, at ipinapakita lang n’yan . . .

570 Oh, libo-libong mga bagay, kita n’yo. Hindi puwedeng mabigo ang Diyos. Hindi Siya—hindi Siya maaaring mabigo.

571 Kapatid na John, ang mata mo ba’y ayos na, kapatid? Nagkaroon siya ng aksidente, haya’t may pinupukpok siyang pako noon at tinamaan siya sa mata. At ipinapanalangin nating lahat si Kapatid na John O’Bannon, ang kapatid nating ito mula Louisville na nagkaroon ng aksidente’t tumama ’yung pako sa mata niya.

572 Ngayon, ang mga katanungan pong ito’y ang—ang kalaliman ng puso ng isang tao; na nabasa nila ang Kasulatan at nasumpungan nila ang mga bagay na ito, at di nila . . . marahil di nila mapagtugma-tugma sa sarili nila, kaya ipinasa nila ang mga ito rito sa atin para pagsikapang sagutin. At nakikita n’yo kung gaanong napaka delikadong kalagayan ito na nakaatang sa atin; dahil, anuman ang sabihin mo, mananangan sila roon.

Kaya kinakailangan mong siguraduhin na tama ka, at ako'y . . . sa abot ng makakaya mo. Kaya naman, para masigurado na tama tayo, humiling tayo sa Espiritu Santo ngayon na ipaliwanag ito para sa atin, habang iniyuyuko natin ang ating ulo.

⁵⁷³ Ngayon, Makalangit na Ama, oh, grabeng pribilehiyo ito na sabihin “Ama” sa dakilang Manlilikha ng kalangitan at lupa. At amin lamang hinihiling na Iyong kunin ang mga katanungan na ito sa Iyong Sariling pamamahala ngayon. Ang mga ito'y ipinasa rito nang may kalakip na malalim na sinseridad. Diyos, nawa'y mamutawi po 'yun mula sa aming mga puso, ang malalim na sinseridad, para sagutin ang mga ito sa pinaka mainam na makakaya namin kung paano; maipagkaloob nawa.

⁵⁷⁴ At nawa ang Iyong mga kaawaan ay manangan sa bawat isa. At nawa'y may bagay na masabi rito sa gabing ito na sadyang tutulong sa bawat isa na narito. At sa aming pag-alis, pagkatapos ng pananalangin para sa mga maysakit at sa pagsalo sa komunyong at iba pa, nawa kami'y matulad sa kanila na mga taga-Emmaus, “Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-alab sa kalooban natin habang kinakausap Niya tayo sa daan?” Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁵⁷⁵ Ngayon, gaya ng nasabi ko na maraming beses na, na ito—ito rito ang—ang pinaka maiinam sa opinyon ko, at kung minsan nga'y nagbubunsod ito ng munting pagtatalakay. Ang pinaka una po rito, nakikita ko na isang bagay ito na nasagot ko na noon, na ipinasa lang uli. Hindi ko na . . . sige't babasahin ko lang ngayon, kung mamarapatin n'yo.

65. Noong sina Adan at Eba'y magkaroon ng mga anak sa Eden, may iba pa bang mga tao sa mundo noong panahon na 'yun? Sa Genesis po kasi sa ika-5 kabanata at ika-16 na talata, si Cain ay tumira sa lupain ng Nod at nakilala ang kanyang asawa.

⁵⁷⁶ Ngayon, napaka inam na—na tanong po. Ngayon, itinuro sa atin sa Biblia . . . At maraming beses na ito . . . minsan dinadaan lang kasi natin nang mabilisan . . . Dati po naglalagay ako ng anunsyo sa karatulang papel, at sinasabi ko dun, “Magtanong. Magtanong kayo ng anumang katanungan sa Biblia.”

⁵⁷⁷ At may nagsabi, “Buweno, sino po ang asawa ni Cain?”

⁵⁷⁸ Oh, may kaunti nga akong biro tungkol dun o kung ano, sinasabi ko, “Oh, 'yung anak na babae siyempre ng biyenang niyang babae,” o parang ganun, alam n'yo, o—o “Si Gng. Cain po.” Pero hindi nga nun sinasagot ang tanong. Diyan . . .

⁵⁷⁹ Diyan nga'y may asawa si Cain, dahil sinasabi nga ng Biblia na may asawa siya. At kung si Cain ay may asawa, marapat lamang na nakilala niya ito sa kung saan. At ito nga'y konektado sa tanong na ito rito:

May iba pa bang mga tao sa mundo noong sina Adan at Eba'y nagkaroon ng mga anak sa halamanan ng Eden?

⁵⁸⁰ Ngayon, kung mapapansin n'yo, sa Biblia napakadalang na naitatala ang isang babae na ipinapanganak. Lagi pong ang batang lalaki ang itinatala nila sa Biblia, hindi ang babae. Napakadalang na nababanggit ang kapanganakan ng isang sanggol na babae, sa Biblia. O, kung tutuusin nga, di ko alam kung may isa nga bang maaalala ko ngayon, sa isip ko, kung saan may naitalang kapanganakan ng isang sanggol; na ang sabi'y, "Nagkaanak sila ng mga anak na lalaki at mga anak na babae."

⁵⁸¹ Ngayon, tatlong anak lang ang naitala sa Biblia na ipinanganak nila Adan at Eba, 'yun po'y sina Cain, Abel, at Set. Ngayon, kung ang tatlong ito'y pawang mga lalaki, kung walang mga babaing ipinanganak, at kung ganoon pala kapag ang nag-iisang babae (si Eba) ay namatay, paparam ang salinlahi ng tao kung ganoon pala, dahil walang paraan para sila ay—ay magkaroon ng anumang. . . na ang salinlahi ng tao'y makapagpapatuloy, dahil walang mga babae ang matitira. Kung si Eba lang pala ang nag-iisa. Pero, kita n'yo, hindi nila itinatala ang—ang mga kapanganakan ng mga babaing sanggol, sa Biblia, kaya ibiginh nagkaroon din sila ng mga anak na babae kung papaanong may mga anak na lalaki.

⁵⁸² Ngayon, may sinaunang manunulat, isa sa pinaka sinaunang manunulat na mayroon tayo, si Josephus, sinasabi niya na sila'y nagkaroon ng pitumpung mga anak, at sina Adan at Eba; sabi ng pinaka sinaunang manunulat, "may pitumpung anak, at may mga anak na lalaki at mga anak na babae."

⁵⁸³ Ngayon kung. . . At kung si Cain ay nagtungo sa lupain ng Nod. . . Ngayon, kung papansinin n'yo, 'yung nagsulat nito, napaka ganda ng pagkakasulat niya. Napansin n'yo ba kung papaano niya 'yun tinanong?

Sa Eden, noong nagkaroon sila ng mga anak sa Eden. . .

Ngayon, hindi po sa halamanan ng Eden, alam 'yan ng nagsulat. Kung sinuman ang nagsulat nito rito, ang sabi:

Noong sina Adan at Eba'y nagkaroon ng mga anak sa Eden. . .

⁵⁸⁴ Hindi po sa halamanan ng Eden, dahil sila'y pinalayas na nito noon sa halamanan ng Eden. Pero nasa Eden pa rin sila, at ang halamanan ng Eden ay nasa silangan ng Eden. Mangyari nga na ang Eden ay isang bansa o—o isang. . . o isang estado, at ang Nod ay isang estado o bansa sa tabi nito.

⁵⁸⁵ Ngayon, ang maaari lamang makuha ni Cain, o mapangasawa, ay ang sarili niyang kapatid na babae. Yun lang ang puwede niyang gawin. Dahil may isang lalaki't babae lang sila na pinanggalingan, kita n'yo, at siguradong ang napangasawa niya ay ang sarili niyang kapatid na babae. Ngayon, legal 'yan noong panahon na 'yun.

586 Haya't pinakasalan ni Isaac ang sarili niyang kadugong pinsang-buo, na si Rebekah, na itinalaga ng Diyos. Si Sarah ay kapatid na babae rin ni Abraham, kadugong kapatid na babae; hindi sa nanay niya, kundi sa tatay niya. Kita n'yo, isang kadugong kapatid na babae na—na pinakasalan ni Abraham; iba ang nanay, pero parehong tatay.

587 Kaya, nakita n'yo, ang pagpapakasal noon sa kadugo, bago humina ang—ang daloy ng dugo sa salinlahi ng tao, 'yun nga'y legal at ayos lang noon. Ngayon hindi na po. Kung pakakasalan mo ang kapatid mong babae ngayon, at magkakaroon kayo ng mga anak, sila marahil ay . . . buweno, sila nga'y magkakadiperensya at lahat. Kahit pa nga sa pinsang-buo at pinsang-kalahati ay di dapat makipag-asawa, kita n'yo, dahil ang daloy ng dugo ay humihina't kumukupas.

588 Kaya naman ang tanging bagay na magagawa ni Cain noon, ay ang, pakasalan ang sarili niyang kapatid na babae. At doon nanggaling ang mga anak na . . . Pinakasalan niya ang naging asawa niya, nagpunta sa Nod at doon kinilala, at mula doon nagkaroon ng—ng anak. Kita n'yo, ang . . .

589 At kung mapapansin n'yo, doon sa lahi ni Cain nagmula ang matatalinong tao. Doon sa lahi ni Set nagmula ang espirituwal na mga tao, ang ibig kong sabihin, ang—ang puno ng pagkamatuwid. Diyan mismo, itong dalawa na ito, ay nagsupling ng mismong salinlahi na kinabubuhayan natin sa panahon ngayon.

590 At kung papansinin n'yo sa mismong araw ngayon (sa pagtatapos lang ng tanong na ito): ang lahi na ito ni Cain ay umiiral pa rin, at ang lahi na ito ni Set ay umiiral pa rin. Kapwa tumugaygay ang dalawang ito. Ang mga anak ni Cain ay nandito sa Jeffersonville ngayong gabi, at ang mga anak ni Set ay nandito rin sa Jeffersonville ngayong gabi. Habang ang daloy ng dugo'y humihina't kumukupas, pero hayan ang salinlahi na nariyan pa rin.

591 Ngayon, masdan. Ang mga anak ni Cain ay laging . . . at bago pa man ang pangmalawakang pagkawasak sa baha, sila 'yung matatalinong tao: ang siyentipiko, ang mga edukador; at pinaka relihiyoso, pero hinatulang grupo. Kita n'yo? Ngayon masdan, katulad na katulad sila ng ama nilang si Cain. Si Cain, siya po'y relihiyosong tao. Nagtayo pa nga siya ng magarang dambana, at gumawa ng magarang simbahan, at sinikap na pagandahin 'yun kumpara sa munting misyon na itinayo roon ni Set. Alam n'yo ba 'yun? Sinisigurado niya . . . Pinalamutian niya ang dambana ng mga bulaklak, at magara ang pagkakaayos, at pinaganda talaga; at gumawa ng kamangha-mangha't, malaking, napakahusay na simbahan, dahil akala niya makasusumpung siya ng kaluguran sa Diyos sa pamamagitan ng ginawa niyang 'yun.

592 At si Abel nama'y nagtungo at kumuha ng munting kordero, at sinimulang hatakin 'yun papunta sa dambana, at ipinatong sa isang bato at pinatay 'yun.

593 At ngayon, kung ang Diyos ay matuwid, kung ang hinihiling Niya ay basta pagsamba, si Cain ay sumamba naman sa Diyos nang may kapantay na sinseridad gaya ni Abel. Kapwa sila sinsero. Kapwa sila nagsisikap na makasumpong ng biyaya sa Diyos. Wala sa kanila ang di naniniwala. Kapwa sila, ganap, na mananampalataya ni Jehovah. Ngayon, hayan po, paiisipin tayo ng bagay na 'yan.

594 Ang ilan dito sa gabing ito ay di ko pa nakikita kailanman, mga tao; hindi ko pa kayo nakikita noon. Pero dapat n'yong mapagtanto ito, at ilagay sa isip lagi. Kita n'yo? Kahit na gaano pang karelihiyoso kayo, wala 'yang kinalaman maski katiting dito. Marahil sa simbahan ka na mismo namumuhay, marahil sinserong-sinsero ka, at mapapahamak ka pa rin! Kita n'yo?

595 At sasabihin n'yo, "Buweno," sasabihin n'yo, "aba'y pinaka matatalino ang mga pastor namin, nanggaling sila sa mga seminaryo't pinaka mainam ang nakuha nilang edukasyon. Mga teologo sila, kabisado nila lahat—lahat ng teolohiya't iba pa. At ang tatalino nila, sinanay, pinaka. . . piling-pili mismo na nalalaman namin." At maaari pa rin silang mapahamak! Kita n'yo?

596 Ngayon si Cain, sa lahi niya: sila nga'y, bawat isa, napaka relihiyoso; bantog na bantog na mga tao; at sila'y mga siyentipiko, at mga doktor, at mga tagapagtayo, at mga manggagawa, at matatalinong kalalakihan. Pero ang buong salinlahi na 'yun ay tinanggihan, mula kay Cain pababa.

597 At sa panig naman ni Abel: hindi sila tagapagtayo ni mga edukador o matalinong tao; sila'y, kung tutuusin, mababang-loob, na mga tagapagpastol ng tupa, at mga magbubukid, na simpleng lumalakad sa Espiritu.

598 Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Wala nang anumang hatol sa kanila na mga nakay Cristo Jesus, na lumalakad hindi sa laman kundi sa Espiritu." Ang espirituwal na tao'y may taglay na espirituwal na kaluluwang hindi kailanman namamatay. At ang karnal na tao nama'y may taglay na relihiyosong kapaligiran sa palibot niya (at nagnanais sumamba at kung ano pa) pero karnal; hindi isang di-mananampalataya, kundi isang karnal na mananampalataya; at 'yung ganoong uri ang tinanggihan.

599 Ngayon, mula riyon, nagtungo si Cain at pinakasalan ang asawa niya sa lupain ng Nod. Ngayon, hindi nabanggit kung sino ang napakasalan ni Set, o kung sino ang pinakasalan ng iba pa. At ang pinaka magandang bagay diyan ay ang malaman 'yan —'yan, na si Cain ay nagpakasal, mayroon tayong sagot diyan. Haya't wala nang iba't ang sarili niyang kapatid na babae ang pinakasalan niya, o siya . . . o kung hindi'y may iba pa palang. . .

600 Wala nang iba pang babae sa lupa noon, 'yun lamang nanggaling mismo kay Eba. Siya ang nanay ng lahat ng nabubuhay. Yan, 'yan po'y ang lahat mismo ng nabubuhay, siya ang nanay ng lahat. Yan ang dahilan kung bakit siya ang... Ang ibig sabihin ng salitang *Eba* ay "ang nanay ng mga nabubuhay." Kaya hayan siya't isinilang ang anak na ito. At pinakasalan ni Cain ang sarili niyang kapatid na babae, 'yun lang ang tanging paraan na nakikita ko kung paano nangyari ito. Kaya may mga tao na nabubuhay noong panahon na 'yun, totoo 'yan. Kita n'yo? Buweno, at...

Noong sina Adan at Eba'y nagkaroon ng mga anak sa Eden... Ngayon tingnan n'yo, 'yan po ang tanong: **Noong sina Adan at Eba'y nagkaroon ng mga anak sa Eden, may iba pa bang mga tao sa mundo noong panahon na 'yun? Wala! Mangyari na sa Genesis 5:16, kita n'yo, si Cain ay tumira sa lupain ng Nod at nakilala ang kanyang asawa.** Tunay. Kita n'yo?

601 Sa Genesis 1, kung saan nilikha Niya ang tao sa Sarili Niyang wangis, na nasa theophany. At sa Genesis 2, nilikha Niya ang tao mula sa alabok ng lupa, ang pisikal na tao na mayroon tayo ngayon. At pagkatapos, sa 3 ay ang pagbagsak, at sinipa sila mula sa halamanan ng Eden; at ang mga anak ay nagkaanak na rin. At kinuha ni Cain ang kanyang asawa at tumira kasama siya sa lupain ng Nod, sa labas, dahil inihiwalay siya ng Diyos mula sa pakikisama sa kanyang sariling kapatid (dahil sa kamatayan ni—ni Abel). At 'yun ang napangasawa niya, sarili niyang kapatid na babae, at kinasal dito; 'yan lang ang tanging paraan na akin, sa sarili ko, na nakikita ko kung paano ba—ba siya nakapangasawa.

602 Ngayon, nababanggit... At umaasa po ako na ang mga itim na kaibigan dito'y ipagpaumanhin ang pangungusap na ito, dahil ganap na hindi ito tama. Ang pinaka unang beses na may nakatagpo ako sa buong buhay ko, matapos na ako'y mapagbagong-loob... Ako po'y... nakatagpo ko si Kapatid na George DeArk at sila doon. At kakalakad ko, haya't pinangunahan ako ng Panginoon sa isang munting lugar. At sila'y nagdidiskusyunan kung saan daw nanggaling ang taong itim. At para bang sinasabi nila na ang taong itim... Na si Cain daw ay nakapangasawa ng isang hayop na mistulang unggoy, at mula doon ay lumabas ang lahing itim. Ngayon, mali po 'yan! Ganap, na mali! At huwag na huwag kayong tatayo riyan. Dahil walang itim o puti, o iba pang iba, iisa lang po ang lahi ng tao hanggang sa baha. Tapos pagkatapos nung baha at nung tore ng Babel, doon nga nagsimulang mangalat ang mga tao, diyan nila nakuha ang kulay nila't iba pa. Lahat sila'y nanggaling sa iisang puno. Yan po ang ganap na tama. Sina Adan at Eba ang tatay at nanay, sa lupa, ng bawat nabubuhay na nilalang na tao na dumating dito sa lupa. Ganoon po 'yun. Itim, puti,

maputla, kayumanggi, dilaw, anupamang kulay kayo, 'yan po'y dahil sa lugar na tinitirhan n'yo, at ang paraan na—na ang. . . Para pong. . .

603 Sa palagay ko ay isasaysay ko na ito habang nandito ako sa paksang ito. Ang mga tao dito ngayon sa mga segregasyon at mga batas at mga bagay-bagay na ipinapasa nila, sa palagay ko'y katawa-tawa po. Siyanga po. Pakinggan n'yo, hayaan n'yo ang mga tao, alam nila kung anong gusto nila. Ang Diyos ay lumikha ng itim na tao, at nagagalak dito. Tunay nga! Kung ginawa ako ng Diyos na isang taong itim, ikatutuwa ko ito; kung ginawa Niya akong kayumanggi, ikatutuwa ko; kung ginawa Niya akong puti, ikatutuwa ko; kung ginawa Niya akong dilaw, ikatutuwa ko. Ginawa tayo ng Diyos na iba't ibang kulay, at ginawa Niya tayo sa paraan na nais Niya sa atin, at tayong lahat ay Kanyang mga anak. Tunay! At ang mga tao nga'y hindi dapat nagaaway-away at nagpapatuloy sa ganyan. Mali po 'yung ganyan. Hindi dapat nila 'yan ginagawa. Ginawa tayo ng Diyos. . . sa paraan mismo na ikagagalak natin.

604 At ang taong itim, ayaw niyang pumaroon at basagin ang kanyang—kanyang henerasyon o kanyang kulay, at ihalo 'yun sa puti at lahat na gaya nun. Hindi ko siya masisisi. Hindi. Ang taong itim nga'y may mga bagay na wala sa taong puti. Tunay! Ganoon mismo. At hindi nilayon ng Diyos na ganoon sila.

605 Buweno, tingnan n'yo. Ang taong itim ay. . . siya'y—siya'y isang. . . may—may disposisyon siya sa sarili niya na wala sa taong puti. Mayroon siyang masayahin na mapagpaubayang katangian, na “magtiwala sa Diyos, at hayaan ang mga bagay-bagay na mangyari”; na makuha man niya ang isang bagay o hindi niya makuha, masaya't masaya pa rin siya kahit papaano. Gusto ko ngang magkaroon ng marami nun, ngayong gabi, tunay na gusto ko nga. Buweno, mayroon siya nun, at 'yun ang mayroon siya; hindi nila gustong ihalo 'yun sa ibang lahi at siguro'y basagin 'yun, ano pa. Ganoon nga.

606 Sa palagay ko ang ginang na 'yun doon noon sa Shreveport ay may nabanggit na isa sa pinaka mainam—pinaka mainam na komento na narinig ko sa buong buhay ko. May ipinahayag siyang komento, at inilathala nila 'yun sa diyaryo. Lumapit siya, sabi niya, “Itong mga nangyayaring ito sa paligid, itong segregasyon, ayaw kong pumasok ang mga anak ko sa eskuwelahan na 'yan ng mga puti.” Sabi, “Hindi nila makukuha ang atensyon na kailangan nila gaya ng kung ang guro nila ay itim.” Ang babae pong 'yun ay matalinong babae. Alam niya ang sinasabi niya, may higit silang edukasyon. Ganoon mismo. Kaya sa palagay ko mali ang mga tao dahil sa ginagawa nilang 'yun.

607 At pagkatapos sasabihin nila, “Sina Cain at Abel. . .” at para pong ganoon. Hindi, po! Walang kinalaman ang kulay dun.

Ang espiritu na naroon sa kaloob-looban ang may gawa nun. Ganoon po mismo.

608 Mangyari nga na kinilala ni Cain ang asawa niya, at ito po'y ang kapatid niyang babae. At sila . . . dinala niya siya sa lupain ng Nod, at doon nagmula ang dakilang mga tribo ng lupa: ang mga relihiyoso at ang mga mananamba.

609 At bulayin n'yo 'yung panahon ngayon kaibigan, huminto lang at magbulay pansumandali. Na may sampung makalibo't ilang sampung makalibo at libo-libo, na mga ganap na palasimbang tao, sadya pong sinsero rin at may paggalang sa simbahan na abot ng makakaya nila, na mga ligaw na ligaw gaya ni Cain. Kita n'yo? Ang Diyos kasi ang Siyang pumipili! Ang Diyos mismo ang Siyang humihirang! Kita n'yo? Ang Diyos na Siyang nagbibigay ng kaawaan! Hindi maaaring magdikta ang putik sa magpapalayok, ang magpapalayok ang nagdidikta sa putik. Ganoon nga.

610 Ngayon heto ang isa pang maganda, itong kasunod na ito rito:

Sa Ikalawang Pedro 2:4—2:4 . . .

611 Kung mayroon sa inyo na may Biblia, sige po't gusto kong bumuklat kayo sa mga kasulatan nang mabilisan habang binabasa ko ang mga ito, kung gusto n'yo. At siguro'y alalayan n'yo ako habang tinutugaygay ko ito rito, habang sinasagot natin ang tanong na ito.

612 Ngayon, kung ito pong tungkol kay Cain at—at iba pa, kung hindi pa naklalaro ito nang husto ngayon, ipaubaya n'yo sa amin. Ikagagalak namin na . . .

613 Ngayon Ikalawang Pedro 2:4. Sige, po, heto na:

66. Ikalawang Pedro 2:4, “Sapagkat kung ang Diyos ay . . . Sapagkat kung ang Diyos ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa impierno,” kung ganoon bakit nangaral pa si Cristo sa mga espiritu sa bilanguan, sa Unang Pedro 3:19?

614 Ngayon, dumako tayo sa Pedro 2:4, muna. Sige po:

Sapagka't kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa—sa impierno, at—at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom;

615 Ngayon, ngayon dumako naman tayo sa Unang Pedro ('yun pong kanina'y Ikalawang Pedro), sige't Unang Pedro 3:19, pakinggan n'yo ito. Heto po tayo, sa dako rito. Kararating lang nito, 'yan ang dahilan kung bakit di ko 'yun naisulat dito.

. . . na iyan din . . . iniyaon at nangaral sa mga espiritong nasa bilanguan;

616 Oh, siyanga, heto po. Simulan natin nang kaunti sa unahan nun, sa ika-18 talata po:

Sapagka't si Cristo man . . . ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios, siyang pinatay sa laman, nguni't binuhay sa espiritu:

Na iyan din ang Kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan;

Na nang unang panahon ay mga suwail, . . .

617 Minamahal kong kaibigan, kung babasahin n'yo ang kasunod na mga talata, at diyan nga'y ipinapaliwanag Nito. Kita n'yo?

Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid, ay walong kaluluwa ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig. (Kita n'yo?)

618 Ngayon, kung papansinin n'yo rito, sa palagay ko'y may isa pa ang mangangaral tungkol sa . . . parang nasa ganito ring paksa, na sasagutin natin maya-maya.

619 Unang Pedro 4 . . . o 2:4, kung papansinin n'yo, "sapagkat kung ang Diyos ay hindi nagpatawad sa mga anghel," paano po ang pagkakabaybay ng *anghel*? Maliit na "a." Kita n'yo? Ngayon, dito po, "ang mga espiritu'y nasa bilangguan at hindi nagsipagsisi sa pagpapahinuhod noong mga araw ni Noe," siya ring mga anghel na 'yun. Mga tao ang tinutukoy rito: mga mensahero, mga mangangaral; "hindi nagpatawad sa mga anghel." Alam n'yo ba na ang . . . ang salitang *anghel* ay nanggaling sa salita na "isang mensahero"? Ilan po ang nakakaalam na ang *anghel* ay "mensahero"? Tunay po, ang anghel ay isang mensahero, "at hindi Siya nagpatawad sa mga anghel." Kita n'yo?

620 At dito po sa Mga Hebreo, naalala n'yo ba nung tinalakay natin ito mga ilang linggo pa lang ang mga nakararaan, "mga anghel"?

621 At dito naman sa He- . . . sa Apocalipsis, "Sa anghel ng iglesya ng Sardis ay isulat mo ang mga bagay na ito. Sa anghel ng iglesya ng Efeso ay isulat mo ang mga bagay na ito. Sa anghel ng iglesya ng . . ." Naaalala n'yo ba? At tinugaygay natin ang salitang *anghel*, at sinipi ang diksyunaryo, at nalaman natin na ang ibig sabihin nun ay "isang mensahero." Maaari itong "isang mensahero sa lupa, isang sobrenatural na mensahero," ang salitang *anghel*.

622 Kaya sa pagkakataon na ito, kung kukunin natin ang lexicon at tutugaygayin pabalik, malalaman n'yo na nagsisimula sa "mga mensahero, ang unang mga mensahero." Kita n'yo,

“Kung ang...Kung hindi siya nagpatawad... Sapagkat kung ang Diyos ay hindi nagpatawad ng mga anghel na nagkasala,” (Kita n’yo?) “at ang mga sobrenatural na mga nilalang,” (Kita n’yo?) “pagkatapos ng paghihintay...”

Ngayon masdan n’yo, ang sabi niya:

...kung...kung hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila’y ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom;

623 Tapos tingnan n’yo rito sa Unang Pedro uli, 3:19, masdan n’yo kung papaano ang pagkakabasa rito ngayon:

Na iyan din ang Kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan;

Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios ay nanatili noong mga araw ni Noe... (kita n’yo, ang mga mensahero nga nung araw na ’yun, mga mensahero)... samantalang inihahanda ang daong, na sa loob...sa makatuwid, ay walong kaluluwa ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig.

624 Ngayon kung papansinin n’yo ’yung mga bagay na ’yun na nasa Langit nung una. Ngayon, doon sa Apocalipsis 11...o sa ika-7 kabanata, sa tingin ko...o hindi, hindi pala, sa ika-12 kabanata po pala. Nagbigay siya rito ng paglalarawan ng isang babaing nakatayo; na ang buwan ay nasa uluhan niya at ang araw...o, ang araw ay nasa uluhan niya at ang buwan nama’y nasa paanan niya. At ’yung pulang dragon ay nakatayo roon para kainin ang Bata sa oras mismo na Siya’y ipanganak, at hila-hila niya ang buntot niya haya’t hinatak niya ang sang-katlong mga bituwin sa Langit at ibinagsak sila sa lupa. Napapansin n’yo ba ’yun? Ngayon, hindi ibig sabihin nun na si Satanas ay may-may mahabang buntot na kinakalawit niya ang mga tao, pero “ito’y kuwento na kanyang *isinaysay*,” at hinatak ang sang-katlong mga bituwin na ’yun. Ang mga bituwin na ’yun ay binhi ni Abraham.

625 Sabi ni Abraham, “Oh...”

626 Sinabi ng Diyos kay Abraham, “Tumingin ka sa kalangitan, at bilangin mo ang mga bituwin kung makakaya mo.”

627 Sabi niya, “Hindi ko kaya.”

628 Sabi Niya, “Ganyan din na hindi mo magagawang bilangin ang iyong binhi,” ang mga bituwin.

629 Sino ang Maliwanag at Tala sa Umaga? Si Jesus na taga-Nazaret, ang pinaka maliwanag na nabuhay kailanman sa laman ng tao. Siya ang Maliwanag at Tala sa Umaga. At Siya ang Binhi ni Abraham, na nanggaling kay Isaac. At tayo, yamang mga patay na kay Cristo, ay mga Binhi ni Abraham at naging mga tagapagmana ayon sa pangako.

⁶³⁰ Kaya isinasagisag ng mga bituwin sa langit ang mga espiritu ng tao rito. At nung ang pulang dragon (ang Roma, sa ilalim ng pag-uusig nito) kinalawit ang dalawang-katlo ng . . . o sangkatlo ng mga bituwin, at inihulog sila, 'yun nga'y noong ipako sa krus ang ating Panginoong Jesus noong tanggihan nila Siya at Siya ay . . . at iwinaksi Siya at ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan sa Kanya; hayun nga roon ang sangkatlong bahagi ng mga anghelikong bituwin, mga anghelikong nilalang.

⁶³¹ Kita n'yo, sa inyong katawan, sa kaloob-looban mo . . . (may isa pa tayong tungkol diyan, na direkta mismo, para sagutin nang mas maliwanag). Kaya nung . . . Haya't sa loob mo ay isang espiritu, isa pang tao. Ang panlabas mo ay isang tao, ang loob mo ay isa pang tao. Kaya 'yang loob mo ay sobrenatural, habang ang panlabas mo ay pisikal. Kita n'yo? At sa pamamagitan nito, kung kayo ay pinangungunahan ng Espiritu, ng Diyos, kayo'y itinuturing na mensahero ng Diyos, o isang anghel. *Mensahero* ng Diyos, *anghel* ng Diyos, magkaparehas po ang salitang 'yan; hindi mapaghihiwalay: mensahero ng Diyos, o, anghel ng Diyos.

⁶³² At alin ang may pinaka dakilang kapamahalaan? Isang Anghel mula sa Langit o isang anghel sa may pulpito? Alin po? Ang anghel sa may pulpito! Sabi ni Pablo, "Kung isang Anghel mula sa Langit ang darating at mangangaral ng ibang ebanghelyo sa inyo kaysa sa ito na naipangaral ko na, siya ay masumpa." Kaya ang anghel na pinahiran ng Espiritu Santo at ng Salita ay nakatayo sa tabi ng Diyos. Ganoon nga. Sa Langit, ang kanyang kapamahalaan . . .

⁶³³ "Lahat ng kapangyarihan sa Langit at sa lupa'y ibinigay sa Aking kamay. Humayo kayo, at Ako'y sasama sa inyo. Anuman ang talian mo sa lupa, tatalian Ko sa Langit. Anuman ang kalagan mo sa lupa, kakalagan Ko sa Langit."

⁶³⁴ Oh, kung mapagtatanto lamang ng dakila't banal na Iglesia ang kapangyarihan nito na gawin ang mga bagay na ito. Pero napakaraming pag-aalinlangan at pagkatakot at pangiginig, na may pagdadalawang-isip, "Mangyayari kaya?" Hangga't mayroon n'yan, hindang-hindi makatatayo ang Iglesia nang tuwid. At kapag ang bawat sabi-sabi ukol sa pagkatakot ay mawala at ang Espiritu Santo ang ganap na mamamahala sa Iglesia, hayan nga ang lahat ng pagkatakot ay mawawala, at ang Iglesia na 'yun ay magkakamit ng kapangyarihan. Kita n'yo? Anupa't, kamit nila ang lahat na pagmamay-ari ng Langit na nasa likuran lang nila. Sila'y mga kinatawan ng Luklukan. Ganap nga! Ang isang kinatawan ni Cristo'y may kapamahalaan, at ang lahat ng pagmamay-ari ni Cristo'y pagmamay-ari ng kinatawan na ito. Haya't ang sabi Niya, "Humayo kayo sa buong mundo, kayo ang Aking mga saksi matapos na ang Espiritu Santo'y dumako na sa inyo." At ano

ang isang saksi? Isang kinatawan; yaong dumadako roon at sumasaksi sa isang bagay. Ang buong kapangyarihan ng Langit ay nariyan mismo sa inyong mga kamay! Oh, bakit tayo walang pagkilos? At ang iglesya nga'y tigang, at paupo-upo lang tayo na walang paglago. Ang dahilan ay dahil hindi natin napagkikilala ang mga bagay na ito.

⁶³⁵ Ngayon, 'yaong mga kaluluwa sa bilangguan (na mga hindi nagsipagsisi), hindi sila yaong mga Anghelikong nilalang na noon—na noon ay ibinaba sa anyo ng mga Anghel, bagkus mga espiritu ito ng mga anghelikong nilalang na bumagsak bago itatag ang sanlibutan, doon noon nung magkaroon ng digmaan sa Langit. At si Satanas at—at ang dragon ay nakipagdigma, at pagkatapos . . . o si Miguel at—at ang dragon ay naglaban (at si Lucifer). At si Lucifer ay inihulog kasama ang lahat niyang mga kampon (lahat ng mga anghel na dinaya niya), at ang mga anghel na 'yun ay napunta sa lupa at napasailalim na maging tao. At nung mangyari na, doon nga nangyari na “ang mga anak na lalaki ng Diyos ay nakita ang mga anak na babae ng tao na magaganda, at inasawa sila.”

⁶³⁶ Mga anak na lalaki sila ng Diyos. Bawat lalaki na ipinanganak dito sa lupa'y isang anak ng Diyos. Siya man ay isang makasalanan o ano man siya, siya'y isang anak na lalaki ng Diyos. Nilikha sa larawan ng Diyos para sa mga pagpupuri sa Diyos, nilikha siya sa ganoong paraan. Pero alam na ng Diyos sa simula pa lang kung sino ang tatanggap sa Kanya at kung sino ang hindi tatanggap sa Kanya. Kaya Siya'y nakakapagtalagang una, o, hindi nakakapagtalagang una, bagkus sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nasasabi Niya kung sino ang maliligtas at kung sino ang di maliligtas, dahil alam na Niya kung sinong tao ang makakakuha ng aling espiritu.

⁶³⁷ At yaong mga espiritu na nanggaling sa Luklukan ng Diyos, at tumatayo sa harapan ng Luklukan ng Diyos, at nabuhay . . . at bilyon-bilyon at makabilyong panahon bago magsimula ang mundo, sa Presensya ng Diyos, sa palagay n'yo ba wala silang nalalaman tungkol sa pagsamba? At bumaba sila't nagtungo sa tao, at sinamba nila ang Diyos! Tunay, sinasamba nila ang Diyos; at may kaalaman sila ukol sa Diyos, at matatalino sila, at tuso, at edukado, sa tuwina. Pero tinanggihan sila ng Diyos sa simula pa lang!

⁶³⁸ Kaya naman, kaibigan, ang pagmimiyembro sa iglesya, o—o ang kaalaman ng ilang teolohiya o kung ano, wala itong ni isang bagay na may kinalaman Dito. Dugo lamang ni Jesus Cristo at isang bagong kapanganakan ang nag-uugnay sa inyo sa Kanya sa pagiging isang tao. Hayan nga.

⁶³⁹ Ang Diyos, sa pasimula yamang nalalaman na Niya ito noon . . . Ang lalaki't babae'y nilikha na isa, hindi dalawa, ginawa silang isa. Pinaghiwalay sila, ang isa'y inilagay sa laman

at ang isa'y sa isang theophany. Alam na Niya ito. Kaya para mapatunayan 'yan sa inyo: noong likhain ng Diyos ang babae, hindi Siya kumuha ng ilang alabok at ginawa ang babae gaya noong nilikha Niya ang lalaki; kinuha Niya ang tadyang sa tagiliran ni Adan, at siya'y naging hinangong produkto mula sa lalaki (dahil ang babae'y bahagi nung lalaki). Nakukuha n'yo na ba Ito ngayon? Kita n'yo? Hayan nga.

⁶⁴⁰ May mga Anghel. At ang Diyos at ang espiritu na pinag-ugnay sa Diyos ay isang Espiritu. Siyanga. Ngayon, ang Espiritu ng Diyos na nananahan sa Iglesya, ay yaong Espiritu na nanggaling sa Langit, na alam na ng Diyos bago pa ang pagkatatag nitong mundo, na di sumang-ayon sa kasinungalingan ng diyablo. At ang espiritu na 'yun ay kinailangan na kumuha ng katawang laman upang maging. . . upang batain ang mga pagsubok sa kanya. Kinailangan niyang magsalaman gaya ng iba pa, at lahat sila'y pumasang magkakapantay na pamatok. At ang Diyos, sa simula, ay nakikilala na ang mga espiritu na gagawin 'yun, at mga hindi gagawa nun. Hayan nga. Ang diyablo na 'yun ay napaka talino na kanyang dadayain maging ang pinaka hirang, kung maaari.

⁶⁴¹ Kaya ang mga espiritu na ito, itong mga anghel na nangaral, ay naroon sa bilanguan; *mga anghel*, kung mapapansin n'yo rito, maliit na letrang "a" na ang ibig sabihin ay "tao"; mga anghel, mga mensahero na narito sa lupa. Nagkasala sila, at ang tanging paraan na magkakasala sila ay ang di-manampalataya! At ang paraan. . . Sila'y may sariling mga relihiyon, at hindi sila naniwala sa mensahe ni Noe. Hindi sila naniwala sa mensahe ni Enoc. At tinanggihan nila ang Mensahe ng mga ito, "at hinatulan," sabi nga ng Biblia.

⁶⁴² Nagpropesiya si Enoc sa kanila, sabi, "Ang Panginoon ay darating kasama ang sampung libo Niyang mga banal."

⁶⁴³ At nagpropesiya sila. At si Noe'y gumawa ng daong, at ang sabi nila, "Holy-roller ang taong ito! Panatiko ang taong ito! Walang ganyang bagay na may ulan daw na darating." At lumipas ang sandaan at dalawampung taon, at siya'y may relihiyon na may kalakip na kaligtasan, may ginawang daan para makaalpas, pero ang mga tao'y kuntento na sa kalagayan nila.

⁶⁴⁴ Ganyan na ganyan sa panahon ngayon, ang tao'y kuntento na sa kalagayan niya. Pero may daan para makaalpas, at ang daan na 'yun ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen. Hayan nga: siya ring tribo, siya ring mga espiritu.

⁶⁴⁵ At sila'y ganap na relihiyosong tao, relihiyosong-relihiyoso, pero napalampas nila ang tipang panata.

⁶⁴⁶ Ganyan din sa panahon ngayon. Nagsisimba ang mga tao, umaanib sa naglalakihang mga simbahan, at sinisikap na maging pinaka popular na tao sa siyudad. Kung gusto

nilang umanib sa isang simbahan, ang pinipili nila ay 'yung pinaka malalaki na sa siyudad, yaong pinaka maiinam na't isinasaalang-alang sa siyudad. Grabeng kalayong napapalampas tuloy nila ang pagtawag! Grabeng kalayong napapalampas nila Ito!

⁶⁴⁷ Ang tanging paraan para mapagkilala si Jesus Cristo ay sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan, hindi sa pamamagitan ng teolohiya at kung gaanong katindi ang pag-aaral mo ng Biblia. Kayo man ay Christian Science, Methodist, Jehovah Witness, o anuman kayo; kahit na ano pa kayo, hinding-hindi n'yo Ito mapagkikilala sa pamamagitan ng Salita, ito'y sa Espiritu ng Diyos na ihahayag Siya sa inyo. Isa itong espirituwal na kapahayagan!

⁶⁴⁸ Noong si Adan, sa halamanan ng Eden, at si Eba, noong ang mga anak na ito'y pinalayas, heto si Cain na dumarating na may dalang mainam na teolohiya. Sabi niya, "Alam ng Diyos na ginagawa natin ito mula sa pinakamainam—pinaka mainam ng aking puso. Magtatayo ako ng magandang dambana, maglalagay ako ng mga bulaklak dito, maglalagay ako ng mga prutas sa ibabaw nito, gagawin ko itong kaaya-aya. Tunay na malulugod ko ang Diyos sa pamamagitan nito at ipaaalam ko sa Kanya na ako'y sinsero sa puso ko." Siya nga'y tama kung titingnan mismo sa tinutugaygay ng Salita; nais ng Diyos ng pagsamba, kaya haya't siya'y sumamba. Gumawa siya ng isang magandang lugar para sambahan, malaki't, mainam mismong katedral (gaya ng tawag nila rito ngayon). At maayos na maayos ang pagkakagawa niya, maayos na maayos ang pagkakagawa niya't naglagay ng dambana roon; anupa't hindi siya isang di-nananampalataya.

⁶⁴⁹ Pero si Abel, sa Salita ng Diyos. . . Wala pang nasusulat na Biblia noong panahon na 'yun, pero *inihayag* ng Diyos ito sa kanya na hindi dahil sa prutas kaya napalayas tayo sa halamanan ng Eden, hindi dahil sa mga mansanas na kinain nina Adan at Eba, 'yun nga'y ganap na seksuwal na mga bagay na naghiwalay sa kanila't nagputol sa kanila. At yamang nalalaman na nagaling mortal sila, at sa pamamagitan ng dugo ni Adan, at dahil sa dugo ng serpiyente na nagpasimula nito, si Abel, sa pamamagitan ng Makalangit na kapahayagan, nagtungo siya't kumuha ng isang kordero at inialay ito. Tapos sabi ng Diyos, "Ito nga Ito!" Tunay.

⁶⁵⁰ Noong bumaba sila sa Bundok ng Pagbabago, sabi ni Jesus, "Sino ang sinasabi ng tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

⁶⁵¹ "Ang ilan po'y sinasabi na Ikaw si 'Moises,' ang ilan ay sinasabi naman na Ikaw si 'Elias,' at sinasabi ng ilan na Ikaw raw si 'Jeremias,' at ang iba'y sinasabi na Ikaw 'ang Propetang iyon.'"

⁶⁵² Sabi Niya, "Pero ano ang sinasabi ninyo kung Sino baga Ako?"

653 Sinabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

654 Sabi Niya, “Mapalad ka, Simon Bar-jona, sapagkat hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo.” (Masdan!) “Hindi rin sa pamamagitan ng letra, hindi sa pamamagitan ng eskuwelahan; hindi mo ito natutunan sa isang seminaryo, ni hindi rin sinabi sa iyo ng kung sinu-sino. Hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi magsisipanaig laban Dito.” Hayan nga. Hayan ang Iglesya ng buhay na Diyos. Hayan ito. Sa ibabaw ng iglesya. . . Sa ibabaw ng *kapahayagan* na iyon, ang Iglesyang ito ay naitayo. Yun nga’y isang Makalangit na kapahayagan na inihayag ng Diyos, na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, at tinatanggap mo Siya bilang iyong sariling Tagapagligtas, lumipat ka na mula kamatayan patungong Buhay.

655 At ang Espiritu Santo’y kumikilos at gumagawa sa mga miyembro ng Katawang ito. Hayan ang Iglesya! Kahit na mahirap pa ito, at nasa isang pagmi-misyon, at bagamat tumatayo ka lang sa ilalim ng punongahoy ng pino kung saan, o kung saan man, kahit lang na sa bahay ng kung sinong tao sa isang pribadong pagtitipon, kahit na saan pa ito. Ang kabighanian at mga bagay-bagay ay hindi nakakaakit sa Diyos. Ito’y sa sinseridad ng puso sa pamamagitan ng isang kapahayagan na si Jesus Cristo ay iprinesenta bilang ang Anak ng Diyos, na ating sariling Tagapagligtas. Amen!

656 Naku, tayo. . . hindi n’yo makukuha ito, sa pamamagitan ng mga ganyan lang, siyanga ba?

657 Hayan ang mga ’yun na. . . doon sa pinuntahan Niya; mga anghel: mga mensahero, sila na mga mangangaral, sila na mga intelektuwal, sila na mga mensahero na hindi naniwala kay Noe noong siya’y mangaral sa kanila at sabihin sa kanila, “Naku, pumarito na kayo sa daong na ito.”

658 Sabi nila, “Naririnig n’yo ang holy-roller na ito. Naririnig n’yo ang panatikong ito. Aba, wala namang ulan. May narinig na ba kayo na ganoong bagay? Aba, naku, hindi ba’t may mga iglesya tayo? Hindi ba’t relihiyoso tayo?” Hayan nga, mga relihiyoso sila!

659 Sinabi ni Jesus na isang henerasyon ’yun na gaya nun ang lumipas na, pero may henerasyon na gaya nun na uulit bago mismo ang Kanyang Pagdating, “Kung papaano noon sa mga araw ni Noe, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao. Na anupa’t sila’y kakain, iinom, mag-aasawahan, makikipag-asawa.” May Reno, Nevada na sila noong araw, sa kung saan. Mayroon din sila noon nitong lahat ng walang kapararakang bagay na mayroon tayo ngayon; mga pagsasaya, at paglalaro-

laro, at mga katuwaan, panunuya at iba pa; may anyo ng kabanalan, pero tinatanggihan ang tunay na Katotohanan: ang tipan, ang Mensahe ng biyaya. Ang Diyos ay gumagawa ng Kanyang daan, at ibinibigay sa bayan ang Kanyang—Kanyang tipan, kung papaano sila makaaalpas; Ito’y may kalakip na kaligtasan, ang kaligtasan ay isang dako para makaaalpas.

660 “Para saan ba namin kailangan ang kaligtasan na ‘yan?” Ngayong panahon na ito sinasabi ng mga tao, “Hindi ba’t nabubuhay tayo sa ilalim ng mabuti’t demokratikong anyo ng gobyerno? Ano pang kailangan namin?”

661 Wala akong pakialam kahit na gaano pang kademokratikong anyo ng gobyerno ang kinabubuhayan natin, kailangan natin ang Dugo ni Jesus Cristo. Tama! Kailangan natin si Cristo. Ikinagagalak ko ang isang demokratikong anyo ng gobyerno; wala itong kinalaman, walang kinalaman sa kaligtasan ng kaluluwa. Tunay nga! Ang mga gobyernong ‘yan ay lilipas, at bawat bansa’y lilipas. At nakatayo na ako noon sa . . . mga dako kung saan tumayo noon ang mga faraon, at kinakailangan mong maghukay ng dalawampung talampakan sa ilalim ng lupa para masumpungan mo ang mga trono kung saan sila naupo noon. Lahat ng mga faraon at mga kaharian nito sa lupa, at lahat ng mararangyang bagay nito’y lilipas at maglalaho, pero si Jehovah ay maghahari magpakailanman, dahil Siya’y imortal na Diyos. Matatag na sa ibabaw ng Batong si Cristo Jesus tayo nakatayo, dahil ang lahat na ng iba pang tayo ay buhanging gumuguh.

662 Anong alintana ko kung ito ma’y . . . ang mga kaharian ay uusbong at lulubog, pero oh, walang . . . di ko alintana ‘yan man ay . . . anuman ito; walang bagay sa kasalukuyan, walang bagay sa hinaharap, walang bagay (kagutuman o panganib o anuman) ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo. Kapag ang isang tao’y ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, hindi na siya nilalang ng oras, bagkus nilalang na siya ng Walang Hanggan. Amen. Lumipat na siya mula kamatayan patungong Buhay. Lumipat na siya mula . . . Lumipat na siya mula sa elemento ng oras, patungo sa Walang Hanggan. Hindi na siya mamamatay kailanman! At ipinangako ng Diyos na Kanyang ibabangon siya sa huling mga araw.

663 Kaya sa kanila na ‘yang naglalakihan n’yong mga simbahan, at lahat na ng inyong enggrandeng panahon, at lahat na ng naisin n’yo, at magsasabi ng mahahalay na biro at lahat na ng laro n’yong Bunco, at mga soup supper at lahat na ng naisin n’yo; at magpapatayo ng edukadong mangangaral doon. Marahil higit na mainam ang magagawa ng taong ito kaysa sa mumunti’t hamak na kalalakihan na halos di kabisado ang kanilang ABC. Pero sinasabi ko nga sa inyo ang totoo, mas pipiliin ko ang isang lalaki na di niya alam ang kanyang ABC at mangangaral sa akin (na kilala si Cristo) kaysa sa lahat na ng bantog na

mga teologong dala-dala ang lahat na ng inyong maisip na mga edukasyon. Tunay!

⁶⁶⁴ Dito po sa Kentucky, di pa katagalan, may munting kabataang lalaki na hindi nga niya halos mabasa ang sarili niyang pangalan, sabi niya tinawag siya ng Panginoon para mangaral at gusto niyang gumamit ng isang paaralan. Aba, hindi siya pinayagan ng mga namamahala na pagdausan 'yun. May isang bantog na bigating mangangaral ang pumaroon na may titulo sa dulo ng kanyang pangalan na parang *ganoon*, isang magaling na doktor ng dibinidad, hayan nga, siya ang binigyan nila ng pahintulot na gamitin ang eskuwelahan. Ganoon nga. Nagdaos siya ng dalawang-linggong rebaybal, wala ni isang kaluluwa. At 'yung tatay nung kabataa'y bumaling dun, sabi, "Ngayon pahintulutan n'yo siya na gamitin ito, nagbabayad naman ako ng buwis, may karapatan ako na ang anak ko'y magamit ito. At may karapatan ang anak ko na mahiram din ito."

⁶⁶⁵ Kaya bumalik siya't para alamin, at hilingin sa kanila, sabi nila, "Sige na nga, pahihintulutan namin siya na hiram in ito nang dalawang gabi." At nagpatuloy na sila at pinayagan na siya na hiram in 'yun nang dalawang gabi.

⁶⁶⁶ At nung gabing 'yun haya't 'yung munting hamak na binatilyo'y sumampa na roon at ni hindi niya alam bumasa ng Biblia, may tao roon na binabasa ang teksto niya. Pero nung lumakad na siya sa entablado, pinahiran siya ng *Èspiritu Santo*. At nung mangaral na siya, mga nasa dalawampu ang dumulog sa altar; at 'yung mangangaral na nananangan sa titulo niya'y humagulgol sa pagdulog niya sa Kalbaryo, sa may altar.

⁶⁶⁷ Tunay, kapatid, hindi ito—hindi ito sa bagay na nalalaman n'yo, ito'y kung Sino ang kilala n'yo. Yun ang kaisipan, 'yun ang dapat, kailangan kilala si Cristo. Ang makilala Siya, ay Buhay; ang tangihan Siya, ay kamatayan.

⁶⁶⁸ Sige't dumagli na tayo sa ibang mga tanong, mga tanong ngayon na galing sa Georgia:

67. Ano ang mga bato . . . inirepresenta sa Apocalipsis 21:19 at 20?

⁶⁶⁹ Kung nais n'yong kunin ang kaunting sandali para buklatin ang inyong mga Biblia, na sa mga oras na ito'y wala na tayong masyadong panahon, pero sige't sasagutin ko lang ang mga ito nang madalian. Apocalipsis beinte- . . . Sa palagay ko 21:19 at 20. Oo.

⁶⁷⁰ Sige po, diyan nga'y masusumpungan n'yo na may binabanggit siya riyang mga bato na nasa gusali. At ang mga batong ito'y pundasyon. Kung papansinin n'yo . . . Sa palagay ko nakabuklat sa iyo riyang, Kapatid na Neville. At bawat bato ay isang pundasyon. Hindi isang bato ang pundasyon, at 'yung iba . . . Bagkus ang bawat bato ay isang pundasyon.

Bawat bato ay palagiang pundasyon. At may labing-dalawang bato. At kung papansinin n'yo ang labing-dalawang bato na 'yun, nagpapalabas ang bawat isa ng . . . Ang una'y ang jaspe, at sardio, at iba pa gaya nun, na inirerepresenta ang bawat bato.

671 Sa Biblia riyang makikita n'yo ang mismong tawag sa bawat bato. Yung iba sa mga ito medyo kakaiba, hindi n'yo pa naririnig. Kung titingnan n'yo sa diksyunaryo makikita n'yo na siya ring bato ito, iba-iba lang ang pangalan; iniba lang.

672 Pero nagsisimula ito sa—sa jaspe. Ang jaspe ang bato ni—ni Benjamin, o, ang bato ng . . . oh, ng unang anak, si Ruben. Ang unang bato ay si Ruben, yaong jaspe. Ang huling bato naman ay si Benjamin, 'yaong pinaka huli sa ibabaw.

673 Ngayon, itong labing-dalawang bato na pinaglatagan ng mga pundasyon, ang mga ito—ang mga ito ay narong nakalagay sa pektoral ni Aaron. at ang mga ito—ang mga ito ay rumerepresenta, siya ang punong saserdote ng mga—ng mga tribong ito. Bawat isa sa kanilang batong-kapanganakan ay narito, sa pektoral na ito—pektoral na ito. At sa tuwing makikita ng mga tao ang pektoral na ito, napagkikilala nila na si Aaron ang punong saserdote ng buong tribo, kapag nakikita nila ang kapanganakang-bato sa pektoral na ito.

674 Ngayon, 'yung nakuha natin kaninang umaga sa mensahe ni Kapatid na Neville. At maraming beses nga na inilalabas nila ang Urim Thummim. Makikita n'yo na binanggit 'yun sa Biblia na paraan 'yun para malaman nila kung ang kanila bang mensahe ay Katotohanan o hindi. Ang mga bato na 'yun, kapag dadako sila roon at aalamin kung ano ang sinabi nung isang tao, kung 'yung prinopesiya nung propeta, at 'yung mga bato nga'y magpapaaninag ng liwanag na sama-sama. Yun nga'y sama-samang liwanag na kinakailangan nung sapiro, at jaspe, at karbungko, at lahat ng mga bato na 'yun na pasisinagin ang kanilang liwanag, 'yun nga'y magbubunsod ng isang malaki't magandang bahagharing kulay na nagsasama-sama ang buong 'yun nang lakip-lakip.

675 Ngayon, ngayon, sa panahon ngayon, yamang ang Urim Thummim ay inalis na kasama nung pagka-saserdote, ngayon nga'y itong Biblia ang Urim Thummim ng Diyos ngayon. At kapag ang isang mangangal ay mangaral, hindi nga 'yun basta sa isang dako lang dito, at doon na niya ibubuhos ang lahat niyang pag-asa; kinakailangan na buong Biblia mismo ang magpapaaninag dun sa mensahe na ipinapangaral nung lalaki. Ganoon po. Hindi sa isang dako lang, at sasabihin, "Buweno, ganito ang sinasabi ng Biblia." Oh, tunay, marami pong bagay ang sinasabi nito. Pero kinakailangan na mapaglakip-lakip n'yo ito na nagkakatugma. At kapag dumating ang Espiritu ng Diyos at lalakip dun sa—sa Salita, ipinaglalakip Nito ang lahat at

nagpapaaninag ng isang malaking Liwanag, at ang Liwanag na 'yun ay si Jesus Cristo. Amen.

⁶⁷⁶ Ngayon, itong labing-dalawang bato na ito ay labing-dalawang pundasyon na nagsimula dun kay Ruben, tapos kay Gad, at nagpatuloy hanggang kay Benjamin; labing-dalawang tribo, labing-dalawang bato. At yaong mga bato na 'yun sa Templo, sa bagong Makalangit na Jerusalem, bawat pundasyon ay ilalagak sa bawat isa sa mga patriyarka.

⁶⁷⁷ Ngayon pansinin, pansinin n'yo ang mga bato, ngayon masdan n'yo ang mga patriyarka na ito na nagpapaaninag sa iba pa, doon sa isa pang tanong.

68. Pakipaliwanag—pakipaliwanag po ng ika-apat...ng apat na nilalang sa Apocalipsis 5.

⁶⁷⁸ Kapatid na Neville, kung malapit ka na riyan, o kung sino man sa inyo, sa Apocalipsis 5 po, babasahin natin ito pansumandali. Ito'y—ito'y napaka gandang larawan dito ng... Heto, nabuklat ko na, Apocalipsis sa ika-5 kabanata:

At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo—nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa wala at—at—at sa labas, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak.

At aking...

⁶⁷⁹ Ngayon, di po pala diyan. Gusto kong umusad na agad, doon sa apat na nilalang. Sige't tingnan natin, sa ika-14 na talata po. Sige, po. Ngayon heto na, sige. Ngayon simulan natin dito sa—sa ika-12 talata, hindi po, sa palagay ko sa... “At sinabi ng apat na nilalang, ‘Amen.’” Ngayon, medyo sa unahan pa n'yan, Kapatid na Neville. “Narito, narinig ko ang tinig...”

⁶⁸⁰ Sige't tingnan natin, pansumandali, binabasa ko lang 'yun kani-kanina. Oh, heto na po pala, sige't simulan natin sa ika-6 na talata. Sa ika-5 talata:

At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat, at kalagan ang...ang pitong tatak nito.

At nakita ko, at...sa gitna ng luklukan at...ng apat na nilalang, at, sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong ulo at pitong mata, na siyang pitong Espiritu...na sinugo mula...isinugo sa buong lupa.

⁶⁸¹ Ngayon gusto kong maglumagi kayo sa tanong na 'yan, at kung di ko ito madaanan sa ibaba maya-maya, gusto kong balikan n'yo ito uli, gusto kong tugaygayin ito, “ang pitong Espiritu ng pitong mata na naroon sa Cordero.” Oh, napaka gandang bagay nito. (Buweno, gusto nating sagutin na itong

tanong ng kapatid ngayon.) Sige, huwag n'yong kalimutan 'yan ngayon.

At siya'y lumapit, at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan.

At pagkakuha niya nito, ang apat na nilalang at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng cordero, . . . na ang bawa't isa'y may alpa, . . .

⁶⁸² Ngayon, hayan po ang—ang apat—ang apat na nilalang dito, kung mapapansin n'yo. Ngayon sige't umusad na tayo at magbasa pa nang kaunti:

. . . gitong mga alpa, . . . punong mga mangkok at kamangyan, . . . at mga panalangin ng mga banal.

At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, . . . Ikaw ang karapatdapat . . . (at nagpapatuloy at nag-aalay ng kanilang . . . buong pagsamba nila sa Panginoon)

⁶⁸³ Ngayon, itong apat na nilalang ng Apocalipsis, kung mapapansin n'yo ang mga ito, sa bawat dako . . . (Kayo na mga nagbabasa ng Biblia, at sa lalaki na mapapakinggan ang teyp rekording na ito). Ang apat na nilalang na ito, sila'y may apat na mukha: ang isa'y may mukha na gaya sa isang tao, ang isa'y may mukha na gaya sa isang baka, at ang isang mukha ay parang isang agila, at ang isang mukha ay parang isang leon. At hindi nga sila lumalagak na paatras, hindi nila kayang umatras.

⁶⁸⁴ Ilan po ang nakakaalala ng lumang aklat ng Apocalipsis noong ituro nila ito maraming taon na ang nagdaan, noong gumugol ako nang dalawang taon dito sa Aklat ng Apocalipsis? Marami sa mga matatagal nang nagsisimba'y naaalala ito.

⁶⁸⁵ Tingnan n'yo, hindi nila kayang tumalikod, dahil bawat direksyon na humarap sila'y laging paharap. Kung babaling sila sa direksyong *ito*, tumutugaygay sila na gaya ng isang tao; kung babaling sila sa direksyong *ito*, tumutugaygay sila na gaya ng isang leon; babaling sa direksyon na *ito*, tumutugaygay sila na gaya sa isang agila; kung babaling sila sa direksyon na *ito*, tumutugaygay sila na gaya ng isang baka. Kita n'yo, hindi nga nila kayang tumugaygay patalikod, laging paharap mismo ang pagtugaygay nila.

⁶⁸⁶ Ngayon ang apat na nilalang na 'yun. Ngayon para makuha na ito agad, dahil ayaw kong magtagal sa bahaging ito. Mangyari nga na ang apat na nilalang . . . Ang *nilalang*, sa Biblia, ay sumasagisag sa "kapangyarihan." At mapapansin n'yo ang mga nilalang na ito'y wala sila sa lawa o dagat na doon ay umaahon, bagkus nandun sila sa may Luklukan ng Diyos, at sinasamba nila ang Diyos. Ang ibig sabihin ng apat na nilalang na 'yun ay apat na kapangyarihan na nagbuhat sa lupa, at ang apat

na kapangyarihan na 'yun ay ang apat na Ebanghelyo: Mateo, Marcos, Lucas, at Juan; na ang isa'y hindi sumasalungat sa isa pa.

⁶⁸⁷ At ang isa sa kanila, ang... Habang lumalaganap ang Ebanghelyo bilang isang leon, ito'y mabagsik, ito'y matapang; ang Ebanghelyo'y matapang gaya ng isang leon, at ito'y isang hari gaya ng isang leon. Kung ang direksyon na haharap ay yaong mukha ng tao, ito'y maalam at matalino gaya ng isang tao. Kung agila naman, may maliliksing pakpak ito at lumilipad tungo sa kataas-taasan. Ito... Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kung babaling na gaya ng isang baka, ito nga'y hayop ng bukid na humahatak, baka ng bukid na humahatak sa—sa—sa bigat ng Ebanghelyo. Ang apat na nilalang ay yaong apat na kapangyarihan, ito ngang: Mateo, Marcos, Lucas, at Juan; ang apat na Ebanghelyo na umaalingawngaw sa Presensya ng Diyos. Yun nga'y...

⁶⁸⁸ Kung mapapansin n'yo, may mga mata sila sa harap at sa likod. Sila—sila... Saanman dako humarap, napapaaninag 'yun. Nakikita nila ang lahat ng dako kung saan sila patungo. At 'yan ang kapangyarihan ng mga Ebanghelyo sa paglaganap nito, maaari nitong... Kamit nito ang katalinuhan ng isang tao; kamit nito ang kaliksihan ng isang agila; taglay nito ang—ang—ang—ang kapangyarihan, ang humahatak na kapangyarihan, ang tagapasan-ng-kabigatan gaya ng isang baka; taglay nito ang—ang kabagsikan at katapangan ng isang leon. Kita n'yo, 'yun ang apat na Ebanghelyo, na yaong apat na kapangyarihan ng Apocalipsis, ika-4 na kabanata.

Sige po, dumako na tayo sa kasunod:

69. Sino ang dalawampu't apat na matatanda? Buweno, sa palagay ko nariyan na 'yan sa—sa... **Sino ang dalawampu't apat na matatanda?**

⁶⁸⁹ Ngayon simple lang po ito, makakadako tayo rito. Ang dalawampu't apat na matatanda'y nakaupo sa harapan ng Luklukan. Nandiyan 'yan sa... Sa palagay ko sa talata 4, diyan ito makikita. "At mayroong lumabas na isa pang..." Kailangan kong... Sige't tingnan po natin, akin lang... 4:10.

⁶⁹⁰ Sige po, sa Apocalipsis, sa ika-4 na kabanata, at sa ika-10 talata. Tama. Dumako tayo rito.

At ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at nangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at inilagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan na nangagsasabi,

Marapat ka, Oh Panginoon, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay, at dahil sa iyong kalooban ay nangagsilitaw at nangalikha.

⁶⁹¹ Ngayon ang apat at dalawampung matatanda. Ang isang matanda'y isang tagapangasiwa. Ngayon pansinin, sila'y ang labing-dalawang patriyarka at labing-dalawang apostol. At nakaupo sila, labing-dalawa sa isang gilid na ito at labing-dalawa sa kabilang gilid na ito. Sila ang dalawampu't apat na matatanda, na labing-dalawang patriyarka sa isang gilid na ito, ang Lumang Tipan; ang labing-dalawang apostol sa kabilang gilid naman, ang Bagong Tipan. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Mauupo kayo sa labing-dalawang luklukan, hahatulan ang labing-dalawang tribo ni Israel"?"

⁶⁹² Ngayon, ang mga pundasyon. Tingnan n'yo, may punongkahoy pa nga roon. At ang punongkahoy sa magkabilang gilid ay nagbubunga ng labing-dalawang iba't ibang bunga. At nagbubunga sila ng kanilang bunga nang isang beses sa isang buwan, na yaong labing-dalawang buwan sa isang taon. Nagbubunga ang mga ito ng labing-dalawang iba't ibang bunga bawat taon na lumilipas. *Labing-dalawa*, sa "pagsamba" na bilang, kita n'yo. At may dalawampu't apat, haya't dalawampu't apat nga, labing-dalawang apostol at labing-dalawang patriyarka. Nakaupo sila sa may Luklukan.

⁶⁹³ Sige po, ngayon sa ika-4 na talata, o, ika-apat po na tanong:

70. Ano po ang inirerepresenta nung pulang sinulid sa Genesis 38?

⁶⁹⁴ Ang pulang sinulid, kung papansinin n'yo, si Judah 'yun. At may mga anak na lalaki siya, at ang isa sa mga anak niyang lalaki'y nakapangasawa ng Canaanitang babae. At ang Canaanitang babae na ito'y hindi magkaanak, at ang anak niyang lalaki'y namatay na. Mangyari nga, na sa batas ay dapat kunin. . . 'yung kasunod na anak na lalaki'y dapat niyang kunin ang asawang babae ng kapatid niyang lalaki, at magpausbong ng binhi alang-alang sa namatay. At ang kaso'y 'yung isang lalaki na ito'y hindi nakipagtulungan at hindi ginawa ang nakaatang dapat niyang gawin, at kaya pinatay siya ng Panginoon. Tapos may isa pa siyang anak na lalaki kaso bata pa; kaya ang sabi ni Judah, "Maghintay ka hanggang sa ang anak na lalaki kong ito'y lumago. . . lumaki na karapat-dapat na para pakasalan mo."

⁶⁹⁵ At noong lumaki na itong binatilyong ito na nakaabot na siya sa gulang na maaari na niyang pakasalan ang dating asawa ng dalawa niyang kuya, buweno, pakakasalan na sana niya siya, para magpausbong ng binhi alang-alang sa kanyang mga kuya na mga. . . mga naunang namatay na. Ang kaso'y hindi ibinigay ni Judah sa babaing ito (sa Canaanitang babae) ang anak niyang lalaki, yaong binatilyo, at hinayaan lang ang binatilyo. Kaya nung makita ng babae na mali ang ginawa sa kanya, haya't nagtungo siya roon at binalot ang kanyang mukha ng belo, at naupo roon sa isang pampublikong lugar na gaya ng isang patotot na mauupo roon.

696 Pumunta roon si Judah at kinuha ang babaing ito para maging asawa niya, at siya'y isang patotot, at kinasama ang babae. At sabi, sabi ng babae, "Buweno, ano ang maibabayad mong kasunduan sa akin?" At siya . . .sabi ng babae . . .

697 Sabi niya, "Magbibigay ako ng isang-isang batang kambing." Sabi niya, "Buweno, bigyan mo ako ng tanda na gagawin mo nga ito." Kinuha ng babae ang tungkod ni Judah at ang kanyang singsing at iba pa, at itinago 'yun.

698 At nung dalhin na nila roon ang batang kambing, hindi na nila mahagilap 'yung patotot, dahil hindi naman talaga siya isang patotot.

699 Pagkaraan, lumantad na siya't nagdadalantao. At nung lumantad siya na siya'y magiging nanay na, ibinalita nila 'yun kay Judah, "Aba'y naging patotot na pala ang manugang mong babae." Sabi, "Dahil siya—siya'y magiging nanay na, at paano nangyari 'yun na ang dalawa mo namang anak na lalaki'y patay na."

700 Sabi niya, "Buweno, ipatawag n'yo siya, at sunugin siya."

701 At kaya ang babae'y nagpadala ng pasabi kay Judah, at ang sabi niya, "Ang lalaking gumawa nito, ang nagmamay-ari ng tungkod na ito at ng singsing na ito." Mangyari nga, ang biyenang lalaki niya pala.

702 At ang sabi ni Judah, "Siya'y higit na mas matuwid kaysa sa akin."

703 Ngayon, nung alam na niyang ilalabas na ang kanyang mga anak, kambal pala ito. At nung ang kambal . . .Yung unang sanggol na ipapanganak, sa lumang kaugaliang Judio, ang unang anak ang magkakamit ng karapatan sa pagkapanganay, 'yung unang bata na lalabas. At 'yun, alalahanin n'yo, ang magiging panganay niya. Wala sa mga anak ni Judah ang nagkaroon ng anak sa kanya. Wala siyang naging anak hanggang sa punto na 'yun.

704 At nung lumabas na ang unang anak, kamay pa lang ang lumabas. At 'yung kumadrona'y nagtali ng pulang sinulid sa palibot nun, dahil ang sinasaysay ng pulang tanda ay katubusan na ang unang anak ni birheng Maria ay magiging . . . magkakamit ng pulang tanda ng katubusan.

705 At nung ibalik na nung sanggol na 'yun ang kamay niya, 'yung isang sanggol ang lumabas na una. At nung gawin na niya, sabi, "Bakit ganoon ang ginawa mo? Yung isa dapat ang may karapatan sa pagkapanganay."

706 Kaya 'yan ang ibig sabihin ng Genesis 38, kita n'yo. Na 'yung unang anak ay nanatili hanggang sa pagdating ng Panginoong Jesus Cristo. Na ang una'y napasailalim sa nagtutubos na batas.

707 Alam n'yo nasabi ko na . . .'yung munting mola, alam n'yo, naikuwento ko na ito, na 'yung mga mata niya ay . . .at iba

pa, 'yung tainga niya ay may pinsala, pero, kung ang mola na 'yun ay ipinanganak na may karapatan ng pagkapanganay, isang inosente, na perpektong kordero ang namatay sa kanyang puwesto. Hayan nga.

⁷⁰⁸ Kaya 'yun ay tumutukoy sa karapatan ng pagkapanganay. Yung unang sanggol ay lumabas mula sa kanyang nanay, at nakita nila ang kamay (at alam nilang puwedeng bumalik 'yun uli sa loob). At kaya nung mailabas nito ang kamay niya para ipakita na taglay niya ito, siya ang itinuring na nauna, nagtali ang kumadrona ng pulang sinulid sa palibot nun at hinila nung bata ang kamay niya pabalik sa loob. Kita n'yo? Pero, ganap nga, na siya ang una. Hayun ang pulang tanda, ang pulang tanda na 'yun ay may . . . sa buong tugaygay ng Biblia, ang ibig sabihin nun ay katubusan; na tumuturo pasulong sa pagdating ng panganay na anak.

⁷⁰⁹ Ang unang kabayo na ipanganak, ang unang baka na ipanganak, ano pa man, lahat ng ipinanganak na una (na lumabas) ay nasa ilalim ng katubusan, kinakailangan matubos; ang lahat ay kinakailangang matubos! Hallelujah! Oh, talagang pinapaantig ako nito. Nakukuha n'yo ba? Ang *panganay* ay kinakailangan na matubos. Yun ang batas. Mapagpala ang Pangalan ng Panginoon!

⁷¹⁰ At nung si Jesus Cristo'y ipanganak, tinubos Niya ang buong mundo. Tunay, Kanya ngang ginawa. Siya ang Tagapagtubos ng bawat nilalang na nilikha kailanman sa lupa. Siya ang Manunubos. At sa . . . ang buong katubusan ay nakasalalay sa Kanya, at walang ibang paraan ano't anuman na makalalapit kayo sa pamamagitan ng mabuting mga gawa, sa pamamagitan man ng pag-anib sa iglesya, o kung ano man; kinakailangan na lumapit kayo sa pamamagitan ng pulang tanda na 'yun, ang Manunubos, ang kamag-anak na Manunubos.

Sige, ngayon ang kasunod:

71. Nasaan po ang mga kaloob . . . Ano po ang mga kaloob na ipadadala ukol sa kamatayan ng dalawang saksi sa Apocalipsis 11?

Oh, Kapatid na Palmer, matindi talaga ang mga tanong mo!

⁷¹¹ Ngayon, ang katubusan, itong mga tanda na ito rito, itong pulang tanda, nakikita natin na ang ibig sabihin nito ay katubusan.

⁷¹² Ngayon ang kasunod na tanong:

Ano ang mga kaloob sa Apocalipsis 11?

⁷¹³ Darating ang isang panahon . . . Ngayon heto ang sasagot sa tanong na sinagot na nung isang gabi, na isinulat ng isang kaibigan kong mangangaral tungkol sa mga Judio, kung papaano ba 'yun.

714 Ngayon ang mga Judio na ito’y may tatlo-at-kalahating taon pa na ipinangako sa kanila. Ilan po ang nakakaalam n’yan? Pitumpung sanlinggo ang ipinangako. Sabi, “Darating ang Mesiyas at puputulin sa kalagitnaan.” Nangaral si Cristo nang tatlo-at-kalahating taon, pinatay nang eksaktong tatlo-at-kalahating taon, tatlong taon at anim na buwan Siyang nangaral.

715 At nung ang kasuklam-suklam na paglapastangan, ang—ang moslem ng Omar ay itinayo sa Banal na Lupa; gaya ng sinabi ng Diyos, dalawampu’t limang taon bago ’yun nangyari, na ’yun ay itatayo roon. Nakita na ’yun ng propeta, at nakita, at ang sabi, “Sila ay . . . Doo’y ipagiging pag-aari ng mga Gentil hanggang sa ang dispensasyon ng mga Gentil ay matapos.”

716 Ngayon may tatlo-at-kalahating taon pa na ipinangako. Kung papansinin n’yo, itong mga saksi sa Apocalipsis 11 ay nangaral ng isang libo, dalawang-daan at tatlong-dalawampung araw; eksaktong tatlo-at-kalahating taon. Ngayon . . . at sila’y nakasuot ng sako. Ngayon, masdan n’yo ang pagmi-ministryo nila, kung ano sila. Ngayon, ang dalawang saksi na ito’y pinatay.

717 Ngayon, ang . . . Bumalik sila sa mga Judio pagkatapos ng Pag-agaw ng Iglesyang Gentil. Ang Iglesyang Gentil ay uuwi sa Tahanan para sa Hapunang Kasalan, at gaya nga ni Rebekah na dinala sa lugar ni Abraham kasama si Isaac at doon ay ikinasal. At si Rebekah at si Isaac ay lumantad dun na may buong pagmamay-ari ng lahat ng pag-aari ni Abraham, napunta ’yun lahat kay Isaac. Tunay nga! At hindi ’yun mapupunta kay Isaac hangga’t ikasal muna si Isaac. Oh Hallelujah! Hayan nga.

718 At si Cristo’y naging . . . Nanahan ang Diyos sa ganap, na nilatayang katawan nang buong-buo magpakailanman at sa Walang Hanggan. Kapag ang Cordero at ang Nobya’y ikasal sa Langit, lalakad ang Nobya roon na may buong pagmamay-ari. Tunay nga! Si Isaac at si Rebekah ay lumabas noon na may buong pagmamay-ari.

719 At habang ang seremonyang ito’y nagaganap sa Langit, ukol sa Nobya, na ang Gentil na Nobya ay ikinakasal sa Prinsipe (sa Anak ng Diyos), doon sa Kaluwalhatian; habang sila’y ikinakasal, may tatlo-at-kalahating taon na nagaganap habang ang . . . sina Moises at Elias . . .

720 Haya’t, hindi kailanman nawala si Moises . . . hindi, ang katawan kasi niya’y dinala palayo. Kinuha siya mismo noon ng mga Anghel, hindi siya naagnas, hindi siya nabulok. Siya nga’y ganap na tipo ni Cristo. Namatay siya at dinala siya ng mga Anghel palayo, at maski ang diyablo’y hindi nito alam kung saan siya inilibing, at sinubukan pang makipagtalo kay Miguel na Arkanghel tungkol sa kanyang pagkakalibing. Yan ang sinabi mismo ng Biblia. Kinuha siya ng Diyos pataas sa Pag-agaw.

721 At si Elias, noong naglalakad siya roon, isang propeta ng Diyos, naglalakad doon sa Jordan, hinubad niya ang kanyang balabal at hinampas ang tubig, at ang ilog ay nahawi nang kanan at kaliwa. Lumakad siya patungo sa bundok. Sabi ni Eliseo . . . Sabi, “Bakit ka sunod nang sunod sa akin?”

722 Sabi niya, “Gusto ko ng dobleng bisa ng iyong Espiritu.”

723 Sabi, “Mahirap ’yang hinihiling mo, pero kung makita mo ako sa paglisan ko.” Kaya itinuoan niya ang kanyang mata sa kanya.

724 Matapos ang ilang saglit, hayan nga’t pababa mula sa Langit ay dumating ang isang karwaheng apoy at mga Anghel na nag-aapoy, mga kabayong nag-aapoy, at humakbang dun si Elias at pumailanlang patungo sa Kaluwalhatian. Hindi siya nakaranas ng kamatayan, siya ay itinaas mismo, kinailangan niyang mamatay!

725 At kung mamatyagan n’yo itong dalawang propeta ng Apocalipsis 11, ginawa nila ang siya ring bagay na ginawa noon nina Moises at Elias. Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, sinasabi mo ba sa akin na sina Elias at Moises ay buhay pa rin?” Tunay po!

726 Aba, bago ’yung sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo . . . Doon sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, bago magtungo si Jesus sa Kalbaryo, doon nga’y nakatayo sina Moises at Elias na nakikipag-usap sa Kanya. Tunay, nakatayo nga sila, hindi sila patay. At hindi sila namatay kailanman; sila’y mga mortal, kinakailangan nilang mamatay. Kaya sila’y nasa maluwalhating kalagayan na naghihintay para sa panahon na ’yun.

727 At sa pagbabalik nila at mangangaral nang eksaktong tatlo-at-kalahating taon sa ilalim ng pahid ng Bautismo ng Espiritu Santo, habang ang mga pagpapala’y kinuha na mula sa mga Gentil (at ang Iglesia ay kukunin paitaas); at ang malamig, na pormal na iglesia’y tutugisin na parang mga aso, ng komunista’t partidong Romano, at sa panahon na ’yan ay tutugisin sila’t papatayin. Sila—sila nga’y papatayin sa panahon na ’yan; itong mga propeta ay mangangaral ng tatlo-at-kalahating taon, at sinabi ng Biblia na sila’y papatayin sa maraming . . . sa lansangan, na espirituwal na tinawag, na Sodoma at Egipto, kung saan ang ating Panginoon ay ipinako sa krus. Yun nga’y sa Jerusalem; kita n’yo, doon sa Jerusalem, ayon sa espirituwal na pagkakatawag.

728 At mararatay sila sa lansangan nang tatlong araw at gabi. At pagkatapos sa dulo ng tatlo-at-kalahating araw, ang espiritu ng buhay ay lulukob sa kanila at babangon sila. Kaya kinakailangan nilang mamatay gaya ng iba pang mortal, kailangan ngang mangyari sa kanila ’yun. At kapag pinatay ng mga tao ang dalawang mangangaral na ito . . .

729 Nangaral sila laban sa mali, at nagparating sila ng apoy mula sa langit. Sino ang gumawa nun? Kita n'yo? Nagparating sila ng mga salot mula sa langit, at hinagupit ang lupa nang kasing iglap ng. . . at anumang oras na gustuhin nila. At nagpaparating sila ng apoy mula sa langit. At pinatitigil nila na hindi magbabagsak ng ulan ang langit, sa haba na naisin nila. Sino ang mga 'yun? Sina Moises at Elias mismo. At sila itong dalawang saksi na ito.

730 At sa panahon na parurusahan nila ang iglesya, o ang mundo, sa pamamagitan ng pangangaral nila; at tatanggapin muli ang mga Judio, at dadalhin sila pabalik sa pagsisisi, aakayin sila pabalik na manampalataya sa. . . Kapag nakita nila si Jesus na dumarating para sa Nobya, sasabihin nila, "Narito, ito ang aming Diyos Na aming hinihintay. Siya nga ito!" Pero hindi Siya nagbabalik para sa kanila; Siya'y nagbabalik para sa Kanyang Nobya. At ang Kanyang Nobya. . .

731 Noong si Joseph ay mapunta ng Egipto, hindi niya dinala ang mga kapatid niya kasama niya, pero doon nga'y natagpuan niya ang kanyang nobya. Tunay nga! Pero noong ipakilala na niya ang kanyang sarili sa kanyang mga kapatid walang naroon noon na iba. Siyanga mismo. At sa panahon na ipapakilala na Niya ang Kanyang Sarili sa mga Judio na ito, wala ngang iba pa roon kundi mga Judio lang. Sila na pumatay kay Joseph, nakatayo roon; at ang sabi niya, "Buweno, ako si Joseph, ang inyong kapatid." At umiyak siya.

732 At sabi nila, "Ngayon alam natin kung ano na ang sasapitin natin dito, dahil pinatay natin siya."

733 Ganoon din, na itong mga Judio'y kakaharap sa malaking kaguluhan bago mismo ang pagdating, gaya nung pag-uusig na siyang magpapabalik sa kanila sa kanilang sariling bansa. Mistulang tinataboy sila na parang kawan ng mga tupa pabalik doon sa Bundok ng Carmel.

734 Kapag ang Panginoong Jesus ay babalik na para sa Kanyang Nobya, at makikita nila Siya, sasabihin nila, "Siya na 'yan na hinihintay namin, hayan na Siya!" Papailanlang Siya na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak. Ganoon nga.

735 At ang iglesya, ang natitira ng mga Judio, kapag pinatay na nila ang dalawang propeta, at mahandusay sila sa lansangan na espirituwal na tinatawag na Sodoma at Egipto, kung saan ang ating Panginoon ay napako sa krus, nagpadala sila ng mga regalo sa isa't isa (ganyan nga ang ginagawa ng mundo).

736 Ngayon, Kapatid na Palmer, heto na. Balikan n'yo ang kasaysayan ng Romano at makikita n'yo roon na may isang bansa lang sa buong mundo ang nagpapadala ng regalo pagkatapos ng digmaan, ang Imperyong Roma nga.

737 Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko na ang anticristo'y manggagaling sa Roma. Ang hayop ay manggagaling sa Roma, hindi 'yun maaaring manggagaling sa Moscow. Manggagaling 'yun

sa Roma, ang pulang dragon na tumayo sa harap ng babae para lamunin ang Anak ng babae sa oras na Ito'y maisilang. Ang diyablo nga 'yun, nasaan ang diyablo na 'yun? Sino 'yun? Si Caesar Augustus 'yun na nagpadala't pinagpapatay ang lahat ng mga bata mula dalawang taong gulang pababa. Ang pulang dragon, ang dragon, ang ibig sabihin ng *hayop* ay "kapangyarihan." Nag-usig ang Romanong kapangyarihan at sinikap nilang hanapin ang Batang Cristo.

⁷³⁸ At ganoon din! Sa tuwing ang mga Romano, ang sinaunang paganong Romano ay nagkakamit noon ng malaking tagumpay, nagpapadala sila ng puting mga bato at lahat sa isa't isa, bilang regalo, bilang alaala. Kaya ang mga bato na 'yun na . . . Kung ano nga 'yun, 'yun ay mumunting mga kaloob na pinapadala sa pagitan ng Romanong iglesya. Tunay nga! Saktong-sakto. Yun mismo 'yun.

⁷³⁹ Tumayo ako noon doon sa Vatican City at napatunayan ko 'yun sa Biblia. Yung papa ay nakasuot ng tatlong-patong na korona, *Vicarivs Fili Dei*, lahat ng mga bagay na 'yun na narinig ko at kung ano pa, ganap na katotohanan pala; isang relihiyosong grupo na pinamamahalaan ang bawat bansa sa ilalim ng Langit, at ginagawa nga nito. Hayan nga, ganoon ito.

⁷⁴⁰ Wala po akong anumang laban sa mga Katoliko (wala, po), sila po'y kasing buti ng iba pa, pero ang relihiyon nila ay mali ayon sa Bibliang ito. Kung ang Bibliang ito ay tama, ibig sabihin mali sila. Sinasabi pa nila na hindi raw . . . "Hindi mahalaga kung sinabi bang ganito ng Bibila, ang mahalaga ay ang sinasabi ng iglesya." Naniniwala tayo na ang sinasabi ng Biblia ay ang pinaka mataas mismong awtoridad! Tunay, na ito mismo ay ang Salita ng Diyos.

⁷⁴¹ Kaya nakita n'yo riyon, itong mga bato na ipinapadala nila noon, ayon dito sa Apocalipsis, ay yaong—yaong mga bato na mga regalang ibinibigay nila sa isa't isa. Na ipinapakita lang . . . Sinabi ng Biblia, ng Apocalipsis dito, sabi, "Ang may pagkaunawa'y bilangin ang mga bilang ng hayop. Ang may pagkaunawa'y gawin ang *ganito-at-ganoon*. Ang may espiritu ng ilang mga kaloob ay gawin ang *ganito-at-ganoon*." Nakikita n'yo ba kung gaanong kinakapos ang iglesya?

⁷⁴² May isang kabataang lalaki na nagtanong sa akin nitong umaga tungkol sa espirituwal na mga kaloob, tungkol sa pagsasalita sa iba't ibang wika. Itong kabataang lalaki, siya'y napaka sinsero nga, sa palagay ko malapit na siyang maging ministro isa sa mga araw na ito. At tungkol sa iglesya, ang sabi ko, "Malaking bahagi nito ang nasa laman pa. Ayaw natin nun, bagkus ang gusto nati'y ang tunay na bagay. Yun ang inaasam nating makamit."

⁷⁴³ Hindi ka makakapagturo ng ganoon sa iglesya; malalaman mo na lang, mayroon na kayo riyon, ng isa na nagsasalita

ng iba't ibang wika, ang isa'y may salmo, tapos kailangan mong makipagbuno para mapaalis ito. Pero kung ang Diyos ang magbibigay ng isang kaloob sa makapangyarihang paraan, ihahayag at ihahayag nito ang sarili nito. Ganoon nga. Kita n'yo, 'yan ang mga kaloob ng Diyos, 'yan ang ipinapadala Niya sa Iglesya para sa pananagumpay.

⁷⁴⁴ Ngayon, ang anticristo ay may bagay na parang sumasang-ayon at sumasalungat, may—may—may binaluktot siyang pamamaraan nang paggawa nito. At 'yan ang imperyong Romano na nagpapadala ng mga kaloob sa iba, mga natural na regalo. Ang Diyos ay nagpapadala ng espirituwal na mga kaloob sa mga mananagumpay; ang Romano'y nagpapadala ng natural na mga kaloob sa isa't isa.

⁷⁴⁵ Naniniwala tayo na ang Espiritu Santo'y isang Espiritu, tinatanggap natin Ito sa pamamagitan ng bautismo na nagmumula sa Itaas.

⁷⁴⁶ Itinuturo ng iglesyang Katoliko, “Ang banal na eukaristya na yaong katawan ni Cristo; na kung tatanggapin n'yo ang tinapay at kosher na ito, 'yun *ang* Espiritu Santo, ang Espiritu Santo, ang banal na eukaristya.” Kita n'yo?

⁷⁴⁷ Naniniwala tayo na 'yun ay piraso lamang ng tinapay, hindi tayo naniniwala na 'yun ang katawan ni Cristo, (malapit na nating sagutin ito maya-maya). Naniniwala tayo na sumasagisag 'yun sa katawan ni Cristo. Pero hindi 'yun. . .

⁷⁴⁸ Yan ang pinagkaiba ng Katoliko at Protestanteng doktrina. Kita n'yo? Sinasabi ng iglesyang Katoliko, “Ang katawan ay. . . Ang tinapay *ang* literal na katawan. May kapangyarihan ang simbahan na baguhin ang anyo nito.” Napapansin n'yo ba ang isang Katoliko kapag napapadaan sila sa isang simbahan, napapayuko ang ulo, at nagkrukrus? At ang dahilan ay dahil daw 'yun sa munting liwanag na nakasindi dun sa loob ng iglesya doon sa ilalim ng munting tabernakulo. May maliit na sindi sila dun ng liwanag, at 'yung kosher na tinapay ay nakalapag doon. “At 'yun ang katawan ni Cristo. At kapag kinain n'yo raw 'yun, ganap na kinakain mo mismo ang literal na katawan ni Cristo sa una mong komunyon at sa mga pangungumpisal mo at iba pa. Ang kinakain mo, ay literal daw, na katawan ni Cristo.”

⁷⁴⁹ Ang sinasabi naman natin ay *rumerepresenta* ito sa katawan ni Cristo, kita n'yo, na 'yun nga'y wala nang iba't piraso lang mismo ng tinapay. At kahit pa hindi 'yun tinapay, kahit 'yun ay iba pang bagay, 'yun nga'y sumasagisag lamang. Ganoon—ganoon nga mismo. Yun man ay. . .

⁷⁵⁰ Gaya ng sinasabi ng ilang mga tao, “Ayaw kong mabautismuhan sa isang bautismuhang-tubig, ang gusto ko'y doon sa ilog mabautismuhan.”

⁷⁵¹ Anong kaibhan nun, anupa't ang mahalaga'y mabautismuhan ka? Kung sa bautismuhang-tubig, at. . .Aba,

si Felipe nga'y nagbautismo sa bautismuhang-tubig...noong ang bating ay mabautismuhan. Noong bautismuhan ni Felipe ang bating sa bautismuhang-tubig, ganoon na lamang ang pag-agaw sa kanya ng Espiritu Santo na dinala Niya si Felipe sa ibang lugar, hindi siya mahagilap nang dalawang-daang milya. Inagaw Siya sa Espiritu, na nagbigay sa kanya ng isang—isang karwaheng mula sa Langit sa layo na dalawang-daang milya. Amen. Kahanga-hanga!

Ngayon:

Saan paroroon ang mga banal pagkatapos ng isang-libong-taon na paghahari? At anong klaseng katawan ang mayroon sila sa panahon na 'yan? Babalikan ko 'yan maya-maya. [Sinasagot ito ni Kapatid na Branham simula sa talata 820, bilang tanong 74—Pat.] Makakasama nila si Jesus.

⁷⁵² Sige po't ang—ang ikapitong tanong:

72. Papaano natin hahatulan ang mga anghel?

⁷⁵³ Makikita 'yan sa...Papaano natin hahatulan ang mga anghel? Bilang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Ang mga anghel ay mga lingkod; tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. At sinabi ng Biblia na hahatulan natin ang mga anghel. Ganoon nga. Ngayon, ngayon kung inyong. . .

Ang ika-8 tanong:

73. Bakit po buhok ang inuukol sa mga anghel sa Unang Mga Taga-Corinto?

⁷⁵⁴ Ngayon sige't kung may makakabuklat nun para sa akin sa Unang Mga Taga-Corinto, sa—sa ika-11 kabanata, at makikita natin diyan, na makikita n'yo na ang—ang. . . Sa Unang Mga Taga-Corinto, sa—sa ika-11 kabanata, makikita natin na nagsasalita si Pablo rito. Bigyan n'yo lang ako ng kaunting sandali para makabuklat ako dun, at pagkatapos babasahin natin 'yun nang daglian at pagkatapos atin nang—at in nang tatalakayin 'yun.

⁷⁵⁵ May gusto akong sabihin na isang bagay sa isang talata rito, na umaasa ako na ibibigay ito ng Panginoon sa atin sa paraan na dapat natin itong matanggap. Kung may nakabuklat na. . . Sa palagay ko ay nasa ika-11 kabanata ito, oo, sige po. Ngayon pakinggan n'yo pong maigi, maiging-maigi ngayon, para maunawaan n'yo. Ngayon sinupin n'yo po ang inyong diwa at siguraduhing nakatago sa bulsa ng inyong tsaleko hanggang sa mabasa ko ito, kita n'yo, na makapagkomento ako Rito. Makinig na pong maigi ngayon, ito po'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON:

Maging taga tulad kayo sa akin, na gaya ko naman. . . kay Cristo. (Sinabi ni Pablo, "Tularan n'yo ako, gaya ng kung papaanong sumusunod ako kay Cristo.")

Kayo'y aking pinupuri nga, mga kapatid, na inyong sa lahat ng mga bagay ay naaalaala ninyo ako, at iniingatan ninyong matibay ang mga turo, na gaya ng ibinigay ko . . . sa inyo.

Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng bawa't lalake ay si Cristo; at ang pangulo ng babae ay ang lalake; at ang pangulo ni Cristo ay ang Dios.

756 Nakikita n'yo po ba kung paano? Ang Diyos, si Cristo, ang lalaki, ang babae. Ngayon:

Ang bawa't lalaking nananalangin o nanghuhula, na may takip ang ulo, ay niwawalan ng puri si Cristo.

Datapuwa't ang bawa't babaing nananalangin o nanghuhula na walang lambong ang kaniyang ulo ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo: . . .

757 Ngayon dadako na tayo dun pansumandali, at ipapakita ko sa inyo na ang buhok ng babae ay ang kanyang lambong:

. . . sapagka't . . . gaya rin ng kung kaniya ngang inahitan. (Ibig sabihin n'yan kung—kung puputulan din lang niya ang kanyang buhok, ahitin na lang niya.)

Sapagka't kung ang babae ay walang lambong, ay pagupit naman: (ang ibig sabihin ng pagupit dito'y ahitin, kita n'yo) . . . nguni't kung kahiyahiya sa babae ang pagupit o paahit, ay maglambong siya.

758 Ngayon papunta na tayo rito sa tanong na tinatanong mo. Kita n'yo? Buweno, ngayon mali ba para sa isang—isang babae na putulan niya ang kanyang buhok, ayon sa Biblia. Ngayon pakinggan n'yo po itong maigi at tingnan n'yo kung hindi ba't binibigyan ng Biblia ang isang lalaki ng legal na karapatan na hiwalayan ang kanyang asawang babae kung puputulan niya ang buhok niya, tingnan n'yo kung ito ba'y tama o hindi.

Kung ang lalake . . . Sapagka't katotohanang ang lalake ay hindi dapat maglambong sa kaniyang ulo (ang ibig sabihin, magkaroon ng mahabang buhok), palibhasa'y larawan siya at kaluwalhatian ng Dios: nguni't ang babae ay siyang kaluwalhatian ng lalake. (Naisip n'yo po ba 'yun kahit kailan?)

759 Ngayon gusto kong huminto rito, dahil gusto kong tumimo ito nang husto, kita n'yo. At ngayon alalahanin n'yo, nakakita na ako ng makasampung libong kalugud-lugod na babae (may mga kilala ako ngayon, at marami sa kanila ang nauupo sa simbahang ito) na may maikling buhok, mga Cristiano po. At hindi ko ibinubunton ang sisi sa inyo, ganyan kasi ang pagkakaturong sa inyo. Kita n'yo? Ganoon nga. Hindi kasi ito itinuturo sa inyo ng mangangaral ninyo. Pero kung ang mga kababaihan na mga

taga-rito sa tabernakulo ay ganyan, kung ganoon nagkasala sila. Kita n'yo, kasi lagi naming sinasabi ito sa kanila.

760 Ngayon, ngayon masdan n'yo ito:

*...ang lalake...Sapagka't... (ika-7 talata)...
Sapagka't ang lalake...*

761 Ngayon, sino itong nagsasalita rito? Ngayon, may isang ginang nga na nagsasabi, "Oh, si Pablo kasi'y namumuhi siya sa babae."

762 Buweno, ngayon samantalang nariyan tayo, bumuklat tayo rito sa Mga Taga-Galacia 1:8, at tingnan natin kung anong sinasabi ni Pablo rito, kita n'yo, sa Mga Taga-Galacia 1:8. Makikita n'yo rito na sinabi ni Pablo rito sa Mga Taga-Galacia 1:8:

*...kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit,
ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa
napakinggan ninyo na, ay matakuwil.*

763 Ngayon huwag ako ang sisihin n'yo, Siya ang sisihin n'yo, kita n'yo.

*Sapagka't katotohanang ang lalake ay hindi dapat
maglambong sa kaniyang ulo, palibhasa'y siya ay sa
kaluwalhatian at larawan ng Dios: nguni't ang babae ay
siyang kaluwalhatian at ang larawan ng lalake.*

764 Ngayon tingnan n'yo po ang kasunod na talata:

*Sapagka't ang lalake ay hindi sa babae; kundi ang
babae ay sa lalake.*

*Sapagka't hindi nilalang ang lalake dahil sa babae;
kundi ang babae ay nilikha dahil sa lalake.*

765 Ngayon, ipinapahayag ko ito ngayon nang may tunay na pag-ibig at kaluguran, at umaasa ako na mauunawaan n'yo ito sa paraan na sasabihin ko ito. Mangyari ngang ang Amerika... Bilang nakabiyahé na sa iba't ibang bansa, ang Amerika nga'y may pinaka imoral, napakababang pamantayan pagdating sa kanilang kababaihan kumpara sa kahit anong bansa sa buong mundo. Ang Paris, Pransya po'y tumutugatog sa taas sunod ng Amerika pagdating sa pamantayan nito sa kanilang kababaihan. Kahiya-hiya po!

766 Namamalayan n'yo ba na ang diyos ng Amerika'y ang babae? Mapapatunayan ko 'yan sa inyo sa Biblia rito. Ganoon nga. Napagtatanto n'yo ba na dumating ito sa ganoon nang sa gayon maipasok ng iglesyang Katoliko ang kanilang doktrina ukol kay birheng Maria?

767 Ngayon, kung ang isang babae'y hindi nilalang para sa isang lalaki, hindi... Kung ang isang lalaki'y hindi nilalang para sa isang babae, bagkus ang babae ang nilalang para sa lalaki, kung ganoon papaanong sasambahin n'yo ang isang babae?

Kita n'yo? Ngayon, ano ang nagbunsod nun, nagsimula 'yun sa Paris at napadpad dito sa Hollywood. Pero ngayon Paris na ang bumabaling sa Hollywood para kumuha ng mga model at makakuha ng pinausong moda't mga bagay-bagay, ito'y pagpapababa ng dangal ng kababaihan ng Amerika.

⁷⁶⁸ Ano 'yun? Nanliliit na ang ating bansa hanggang sa inagaw na nila ang mga trabaho mula sa mga lalaki, at inilagay ang kababaihan sa mga puwestong ito, hanggang sa siyamnapung porsiyento sa kanila, halos, ay mga patotot na. At napag-uusapan na rin ang kalalakihan na nawawalan na ng trabaho, tunay, dahil nga 'yan sa mga babae na ang inilagay nila sa mga trabaho nila. At sila nga'y napakahina na't naglagay sila ng kababaihan na maging tagapanatili ng kapayapaan sa kalsada. Yan nga'y kahiya-hiya sa anumang bansa! Siyang, po. Ano pang magagawa n'yo tungkol dun?

⁷⁶⁹ “Anong magagawa mo dun, Kapatid na Branham?” Kinakailangan kong galangin 'yun, isa akong mamamayan ng Amerika, ginagawa ko kung ano ang sabihin ng nakatataas na boss. Kung ako nga'y . . . Kung ang isang—kung ang isang pamilya ay mawawalan na ng respeto para sa pamilya (mawawalan na ng respeto ang mga bata sa magulang), ang pamilya na 'yun ay mawawasak. Kung ang isang—kung ang isang simbahan ay mawawalan na ng respeto sa pastor nito, aba'y mapapariwara ang simbahan na 'yan. At kung ang isang bansa ay mawawalan ng kanilang respeto sa korte suprema at sa desisyon nito, ang bansa na 'yan ay magkasira-sira. Ganoon nga. Kinakailangan natin respetuhin ang mga bagay-bagay dahil sila ang nakatataas na boss, kita n'yo. Pero hindi nga tama sa pasimula. Tunay!

⁷⁷⁰ Alam n'yo ba na 'yung lalaki sa Biblia . . . sa Genesis, sa unang kabanata, noong likhain ng Diyos ang babae at—at lalaki, at lalangin ang lalaki at babae, at sinabi ng Diyos kay Eba na “ang iyong asawang lalaki'y mamumuno sa iyo, magiging tagapamuno mo”? Sabihin n'yo 'yan sa Amerika at tingnan n'yo kung anong sasapitin n'yo! Naku, hindi na ganoon, haya't ang babae na ang namumuno sa lalaki; ganoon na ang kalakaran nila, ganoon na ang situwasyon sa pampublikong mga lugar . . .

⁷⁷¹ Puwede kong dalhin dito ang mga kababaihan, kung puwede ko lang gawin, na nakapanayam ko sa silid ko riyon, na dose-dosena sila, na mga disenteng kababaihan. . . Hindi ko sinasabi na lahat ng kababaihan ay huwag nang magtrabaho minsan; marahil may sakit kasi ang asawa nilang lalaki o kung ano, at kinakailangan nilang magtrabaho. Pero kung di naman nila kailangan, hindi na nila kailangang gawin 'yun. Ang lugar nila ay sa tahanan, ang munti nilang kastilyo, diyang mismo ang lugar na para sa kanila.

772 At ang mga kababaihan natin sa Amerika'y nabigyan ng pribilehiyo na mamuhay nang sagana o mamatay. Kahit sa lahat na mga hayop at ano pa, kapag mangingibabaw ang bagay na 'yan, haya't mangyayari nga't isasalaula nito ang buong lahi nito.

773 May munting ibon sa Aprika, at ito'y isang munting ibong-piko.

774 Ngayon, kadalasan, ang babae ang laging mas pangit sa dalawa. Ang lalaki kadalasan ang mas maganda, mapa-lalaking usa, lalaking usang-elk, lalaking pabo, pati-pati lalaking manok, haya't laging mas. . . Dahil, 'yung babae ay yaong ibon na namamahay. Nauupo siya roon sa pugad, inaalagaan niya yaong mumunting mga inakay. Nakakubli siya mula sa lawin, sa ahas, sa koyote, sa iba pa, kita n'yo, para maalagaan niya ang mumunti niyang inakay.

775 Pero sa lahi kung saan ang. . . o sa kasarian na-na-na ang babae, o ang kababaihan, ay mas maganda, 'yun lagi ang mababa't masamang uri. Sa Aprika, kung kukuha kayo ng ibon. . . May munting ibon doon, at 'yun lang 'yung nag-iisang ibon sa buong kontinente na alam ko, na 'yung babae ay mas maganda sa lalaki. At dahil ganoon nga. . . Ang-ang ibon na yaon ay ganap na patotot. Palipat-lipat siya't naghahanap ng kapares, at dadako roon at mangingitlog matapos na makipagpares sa isang lalaki, at 'yung lalaking kapares ang pauupuin dun sa mga itlog habang siya'y lumilipat-lipat at naghahanap ng iba na namang kapares. Ganoon mismo. Kita n'yo? Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin?

776 Dito, ngayon tingnan n'yo, dito sa Amerika ngayon, ang ating mga kababaihan. May isang kabataang lalaki mula sa Kentucky ang nagsabi sa akin, ilang araw na ang nakalilipas, na may walang daang kababaihan daw ang nagtratrabaho sa isang naturang planta dito sa Kentucky. At sabi niya, "Sigurado ako't maipapanumpa ko pa na apatnaraan sa kanila'y ganap na mga patotot sa kalsada, at mga kasal na babae ito na may mga anak pa nga." Isang lalaki dun ang kinuha ang kanyang asawang babae at dinisiplina ito gamit ang tabla, at para pa ngang gusto nitong patayin 'yung babae. At may isa pa nga'y nabaril na mismo ang isang lalaki. At 'yung isa'y nakikipagtagaan at nakikipag-away. Hindi dapat ganoon. Hindi 'yun tama.

777 Ibalik n'yo lang ang kababaihan sa kusina kung saan siya'y dapat, pagkatapos nun ang lahat ay magiging maayos. Pero kung ilalagay n'yo ang babae sa pampublikong trabaho, siya'y mapapariwara. Tuna-. . . Hindi ko sinasabi 'yan para. . .

778 Ang Amerikanong mga kababaihan ngingisi't abot sa kanilang ilong at sasabihin, "Wala Yan." At, "Sige nga't ipakita mo sa akin." Tunay, gagawin at gagawin n'yo, dahil inihula na

ng Biblia na ganyan ang gagawin n'yo. Gagawin at gagawin n'yo nga mismo.

⁷⁷⁹ At dito kapag. . . Dati nga, matagal-tagal nang panahon, sa isang iglesyang Methodist, kung ang isang babae'y magpuputol ng kanyang buhok, itinitiwag siya ng iglesya. Tunay, ganoon nga ang ginagawa nila. Tunay, nga. Ang mga Nazarene, Pilgrim Holiness, mga Pentecostal, lahat sila'y ganito noon ang ginagawa. Ano nang nangyari?

⁷⁸⁰ Alam n'yo ba kung bakit? Naglalagay kasi kayo ng mga baklain sa likod ng pulpito. Ganoon nga mismo. Mga tao na takot na 'yung hanapbuhay nila. . . takot na baka itiwag sila, paalisin sila ng iglesya. Wala silang sapat na katapangan para tumindig, tumindig sa Salita ng Diyos Ito ma'y makasakit o hindi Ito makasakit. Ganoon nga mismo.

⁷⁸¹ Pakinggan n'yo ito, ang lalaki ang tagapamuno. Huwag na huwag n'yong iisipin na kayo ang mamumuno sa tahanan. Hindi kayo ang tagapamuno ng tahanan. Hindi nga kayo. . . Pero di ibig sabihin na alipin kayo, kundi kayo'y katulungan. At si Adan. . . Ang lalaki ang may pamumuno sa kanyang asawang babae, at siya'y ganap na responsable para sa kanyang asawang babae. Ibinubunsod ng Diyos na managot ang lalaki para sa kanyang asawang babae. Ngayon, basahin n'yo at tingnan kung sinasabi ba 'yan mismo ng Diyos ngayon.

Sapagka't katotohanang ang lalake ay hindi dapat maglambong sa kaniyang ulo, palibhasa'y siya'y nasa larawan at ang kaluwalhatian ng Dios: . . .

⁷⁸² Ang Diyos ay hindi isang babae, ang Diyos ay isang Lalaki. Alam n'yo 'yung ginawa nila si birheng Maria at lahat nun, at namama-. . . o namamagitan daw at lahat na gaya nun, at mananalangin sa birheng Maria, alam n'yo ba kung anong naaalala ko riyan? Ang dakilang diyosa noon na si Diana, na kinastigo ni Pablo at iwinaksi. Ganoon nga. Sabi niya, "Aba, ang Diyos ay hindi babae!"

⁷⁸³ May bato raw kasi na nahulog sa kabukiran, at ang sabi-sabi nila'y ang diyosa 'yun na naglaglag ng kanilang imahe, 'yan ang dahilan kung bakit ang kababaihan sa Corinto, at sa dako roon, ang. . . na sumasamba kay Diana, gusto nilang maging mangangaral.

⁷⁸⁴ Sabi nila, "Aba, sinabi sa amin ng espiritu na puwede kaming mangaral."

⁷⁸⁵ Sabi niya, "Ano? Lumabas baga sa inyo ang Salita ng Diyos, at sa inyo lamang nanggaling? Kung may isang tao na iniisip niya na siya'y espirituwal o isang propeta, kanyang kilalanin na ang mga sinasabi ko ay mga kautusan ng Panginoon: ang babae ay magsitahimik at magpasakop sa iglesya, huwag magturo o magkaroon ng kapamahalaan." Ganoon mismo! Yun ang sinasabi ng Kasulatan. Kita n'yo? At pananagutin talaga ng

Diyos ang kalipunan ng mga mangangaral na ito dahil diyan sa Araw ng Paghatol.

⁷⁸⁶ Buweno, pakinggan n'yo! Sasabihin n'yo, "Buweno, sinasabi ko sa inyo, ganyan kasi ang naituro sa amin." Buweno mas maalam ka na ngayon! Tama. Kung kayo o kung sino man ay magtatangkang uminom ng isang dosis ng gamot, at may magsasabi sa inyo na arsenic 'yan, at inyong—at inyong itutuloy pa rin at iinumun pa rin, kayo na ang may kasalanan n'yan. Kita n'yo?

⁷⁸⁷ Ngayon pakinggan n'yo ito:

Sapagka't ang lalake ay hindi sa babae; kundi ang babae ay sa lalake.

Dahil dito'y nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo ng tanda ng kapamahalaan dahil sa mga anghel.

⁷⁸⁸ Mayroon po ba riyang sumusunod sa pagbasa nito? Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-11 kabanata, at sa ika-10 talata. Kung mapapansin n'yo, "kapamahalaan," (Bakit?) "sa mga anghel," Unang Mga Taga-Corinto, dahil ang mga anghel ay ang tao, ang mensahero. Tingnan n'yo, isang maliit na letrang "a" uli. Kapag mga Anghel ang tutukuyin, kung mga Makalangit na Anghel, malaking letrang "A," malaking "A." Kapag maliit na letrang "a," ang tinutukoy ay mga taong anghel.

Gayon man walang lalake...o babae,...ang babae ay di maaaring walang lalake—walang lalake, sa Panginoon.

Sapagka't kung paanong ang babae ay sa lalake, gayon din naman ang lalake ay sa pamamagitan ng babae;... ang lahat ng mga bagay ay sa Dios.

Hatulan... sa inyo-inyong sarili: nararapat baga na manalangin ang babae sa Dios (na maiksi ang buhok) nang walang lambong? (bulayin n'yo 'yan ngayon)

⁷⁸⁹ Ngayon masdan:

Hindi baga ang katalagahan din ang nagtuturo sa inyo, na, kung may mahabang buhok ang lalake,...

⁷⁹⁰ Sabi, "Ano ang tinutukoy nito?" Buhok. Hindi n'yo ba nakikita ang sinasabi rito ni Pablo? Buhok, mahabang buhok! Kung... Ang babae nga'y marapat na may mahabang buhok. Sa ika-14 na talata na ngayon:

Hindi baga ang katalagahan din ang nagtuturo sa inyo, na, kung may mahabang buhok ang lalake, ito'y mahalay sa kaniya?

⁷⁹¹ Nakukuha n'yo ba? Kahihyan para sa isang lalaki na magkaroon ng mahabang buhok, pero ang isang ba-...yan nga'y ang lugar ng babae. Ginawa ng Diyos ang lalaki na iba

sa babae, sa kasarian at sa itsura, at sa lahat na mismo. Ang babae'y hindi dapat magsusuot ng damit na . . . Sinabi ng Biblia na “Kung ang isang babae ay magsusuot ng pares ng pantalon o anumang damit na ukol sa lalaki, ito'y kasuklam-suklam at marumi at mahalay na tanawin sa harapan ng Diyos.” At ibubunsod ng Diyos na pagbayaran ng babae ito. Kanino kayo ngayon makikinig? Aba't sa Biblia lamang!

⁷⁹² At lilibot-libot nga kayo at sasabihin, “Pero, sa palagay ko mukha namang ayos lang . . . makita ang mga kababaihan na nagpapantalon.” Pero iba ang pagkakalikha sa kanila ng Diyos, ang nais Niya'y madamitan sila nang iba.

⁷⁹³ At sinabi ng Biblia, “Kung ang isang babae ay magdadamit ng kasuotang ukol sa lalaki, ito'y kasuklam-suklam.” Alam n'yo ba kung ano ang *kasuklam-suklam*? Ito'y “bagay na mahalay sa paningin ng Diyos.” At ang Dakilang Jehovah Na tumutunghay sa inyo na kayo'y mahalay na bagay . . . At ang sabi ng Biblia . . .

⁷⁹⁴ At kayo na nagsasabi . . . Ang ilan sa inyo na mga ginang ngayon, sa inyong mga dalagita na tineydyer na, disi otso, beinte anyos, na hahayaan lang sila na palabas-labas dito na ganyan ang pananamit niya!

⁷⁹⁵ At kayo, rin, nanay! Kita n'yo? Kapag lalabas kayo riyan at magsusuot ng mga pantalon at mga bagay at mamuhay . . . at lalabas sa lansangan, at—at ang suot ay 'yang mga mahalay na damit na pinapauso nila ngayon, at ipagigi kang isang bagay na hindi ka naman ganoon. Kita n'yo? At lalabas kayo riyan sa kalsada na seksi ang dating, marahil kayo'y inosente at malinis sa harap ng inyong asawang lalaki at lahat na, pero kung lalabas kayo sa kalsada at may lalaki na titingin sa inyo dahil ganyan ang pagkakapresenta n'yo ng sarili n'yo, kayo nga'y nagkasala, at mananagot kayo sa Araw ng Paghatol dahil sa pangangalunya kasama ang lalaki na 'yun na tumingin sa inyo nang gaya nun. Yan mismo ang sinabi ng Biblia.

⁷⁹⁶ Sabi ng Biblia, “Sinumang tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa, ay nakapangalunya sa kanyang puso kasama ang babaeng 'yun,” at kayo'y may sala nga mismo at kayo'y . . .

⁷⁹⁷ Haharap kayo roon sa paghatol at sasabihin, “Panginoon, nalalaman Mo po ang puso ko; hindi ako nangalunya, tapat akong nakipamuhay sa asawa kong lalaki.”

⁷⁹⁸ Pero heto't may isang lalaki dun, heto na may isa pa, heto na may isa pa, isa pa, isa pa, labing-lima, dalawampu, tatlumpu, apatnapu sila na tatayo roon sasabihin, “May sala ka ng pangangalunya!” Bakit? May lalaki kasi na tumingin sa inyo.

⁷⁹⁹ “Buweno, wala naman akong kinalaman diyan.” Buweno, bakit n'yo iprinesenta ang sarili n'yo nang ganya't para saan? Noong sabihin sa inyo ng Diyos na huwag suotin ang mga ito,

'yun nga'y dahil kasuklam-suklam na suotin 'yun, at mas pipiliin n'yo na makinig kay *Who Loves Susie*? O kung anuman ang . . .

⁸⁰⁰ Alam n'yo ba kung anong nangyari dun sa asawang lalaki ni *Who Loves Susie*? 'yung asawang lalaki dun? Nakita n'yo na 'yun dito kamakailan lang sa diyaryo. Noong naroon kami noon sa Casper, Wyoming, nalathala 'yun. At anong pangalan nung lalaki uli? Yung lalaki na . . . sa *We Love Susie*, o ano nga—ano nga uling tawag dun? Yung . . . Oh, 'yung dahilan kung bakit nagpapaiwan kayo sa bahay nang Miyerkules ng gabi't nakakaligtaan n'yong dumalo sa pagtitipon para sa pananalangin mapanood lang 'yun. Ano nga uli 'yun? *We Love* . . . Ano nga uli ang pangalan nun? [Isang kapatid na babae ang nagsasabi, "*I Love Lucy*."—Pat.] *I Love Lucy*, 'yung asawa niyang lalaki'y . . . akala'y di mahuhuli, nahuli roon sa dako ng Reno, Nevada, may kinakasamang itim na babae, kinakasama ang babae ng ilang taon na rin. At 'yan ang dahilan at nagpapaiwan kayo sa bahay sa halip na dumalo, makinig ng Ebanghelyo. Yung babae na mismo ang nagtapat. Oh, kahabagan! Walang bagay na malinis sa labas ni Jesus Cristo!

⁸⁰¹ Pagpalain ang puso mo, kapatid, sasabihin ko—sasabihin ko sa inyo—sa inyo kalalakihan, ang ilan sa inyo . . . Sasabihin n'yo, "Oh, naku, tingnan mo naman ang uri." Ilan mismo sa—sa pinaka masasamang buwitre na mayroon tayo, mga kumakain ng patay, ito 'yung magagandang ibon. Hindi mo mahuhugahan ang isang ibon sa pamamagitan ng mga balahibo nito, kita n'yo. Kaya tandaan n'yo 'yan. Oh, grabe!

⁸⁰² Ngayon masdan:

Hindi *baga ang katalagahan* . . . (nasa ika-14 na talata na po) . . . *ang nagtuturo sa inyo*, na kahiya-hiya para isang lalaki ang may mahabang buhok? (sa babae po 'yan.)

Datapuwa't kung ang babae ay may mahabang buhok, ay isang kapurihan niya: . . .

⁸⁰³ Ngayon ano itong tinutukoy niya? Sumbrero ba ito na kayong mga Katoliko'y isinusuot n'yo sa loob ng simbahan? Hindi po! Munting pamandong ba ito na inilalagay n'yo sa inyong ulo, na panyo ba? Ang tinutukoy niya rito'y ang buhok ninyo!

⁸⁰⁴ Ngayon! At kung ang isang babae'y magpuputol ng kanyang buhok, pinuputol niya ang kanyang kapurihan, at hindi siya pinahihintulutan na magtungo sa may altar at manalangin. Kita n'yo, gaya ng sinasabi nito rito, "Nararapat baga para sa isang babae na manalangin na walang lambong ang ulo?" Sinasabi rito, ang sabi, "Buweno, putulin na lang niya ang buhok niya." Kalbuhin na lamang siya kung ganoon din. "At kung siya'y aahitan na makalbo," sabi, "ito'y kawalang-kapurihan, kahiya-hiya para sa isang babae na gawin ito." Kaya ang sabi, "Marapat na siya'y matakipan." Ngayon, binabasa ko lang—binasa ko lang

ang liham dito ni Pablo. Kayong lahat po, nasa sa inyo na ito, kita n'yo.

Datapuwa't kung ang babae ay may mahabang buhok, ay isang kapurihan niya: sapagka't ang buhok sa kaniya'y ibinigay na pangtakip.

⁸⁰⁵ Sinasabi ba rilyan na bibigyan ang babae ng sumbrero? Kayo na mga Katoliko o mga Protestante, alinman sa inyo, na nagpupunta ng simbahan at ang gusto'y magsuot na lang ng sumbrero, sasabihin, "Buweno, dadalo ako sa iglesya, magsusuot ako ng sumbrero." Hindi ganoon, kinakailangan n'yong pahabain ang buhok n'yo. Yan po ang kaibhan. Kita n'yo?

...sapagka't ang buhok sa kaniya'y ibinigay na pangtakip. (At kahiya-hiya para sa babae na magpunta ng simbahan na walang panakip, na dadako roon sa altar para manalangin.)

Datapuwa't kung ang isang lalaki'y tila—tila... (di ko lang sigurado kung alam kong bigkasin ang salita na ito, m-a-p-a-g-...)... Mapagtunggali—mapagtunggali (alam n'yo kung anong ibig sabihin ng mapagtunggali), *walang gayong ugali kami, ni ang Iglesia man ng Dios.*

⁸⁰⁶ Ngayon kung gusto n'yong makipagtalo tungkol dito, makipagtalo kayo sa Bibliang Ito. Buweno, kung gusto n'yong makipagtunggali ukol dun, "Oh, wala namang diperensya 'yan. Hayaan n'yo na lang sila. Buweno, kung sa akin lang di naman 'yan malaking bagay. Ako... Wala naman talaga 'yan sa buhok, siyanga, nasa puso 'yan." Tama naman; kung ang pusong 'yan ay tama, ang buhok ay magiging tama (Uh-huh).

⁸⁰⁷ Sige lang, kung gusto n'yong maging mapagtunggali, sabi ni Pablo, "Wala kaming kaugalian na ganyan, maging ang Iglesia man ng Diyos." Sabi, "Kung gusto n'yong pumanig sa panig ni Cain, buweno, sige't bahala kayo." Pero Ito ang sinasabi mismo ni Pablo.

⁸⁰⁸ Oh, at hindi ko naman sinasadya na matawa, dahil hindi naman ito bagay na dapat tawanan. Pero sinasabi ko sa inyo mga kaibigan, nakakahiya na makita ang pamamaraan ng mga bagay na ito na hinahaya-hayaan lang na gawin. Ako...

⁸⁰⁹ Pakinggan n'yo! Sa inyo, na mga minamahal na kapatid na babae, gusto kong ang itsura n'yo ay pinaka mainam talaga at maging mainam na mainam kayo, ganyan dapat kayo. Ganyan dapat kayo. At dapat kayo'y kalugud-lugod at kaaya-aya at lahat na sa abot ng makakaya n'yo kapag dumarating ang inyong asawang lalaki, katulad noon nung magkasintahan pa lang kayo. At kaaya-aya na sasalubungin n'yo siya sa may pintuan na—na hahalik nang kay tamis-tamis sa kanya gaya nung unang araw na hinalikan n'yo siya sa may altar para maging asawa n'yong lalaki. Tama. Hindi ko masisisi kayo kung gusto n'yong pinaka

kaaya-aya kayo at pinaka kalugud-lugod kayo. At gusto kong ganoon kayo, alam ng Diyos na 'yan ang nais ko.

⁸¹⁰ Dito di pa katagalan, kausap ko si Jack Shuler. Sino ang nakarinig na tungkol kay Jack Shuler? Pinaka tanyag na mangangaral ng mga Methodist. Sabi niya, “May isang babae na lumapit at ang sabi. . . ang dumi-dumi ng buhok, at ngumunguya ng chewing gum, at ang kanyang damit ay nangangalahati sa kanya, sabi, ‘Alam mo, hindi na ako matanggap ng asawa kong lalaki.’”

⁸¹¹ Sabi niya, “Hindi ko siya masisi.”

⁸¹² Tama. Ngayon, pero anong dapat n'yong gawin, kinakailangan maitama kayo ng landas. Huwag na huwag n'yong igagaya ang pagiging kaaya-aya at kagandahan n'yo mula sa Hollywood, kunin n'yo mismo mula sa Biblia, sa harap ng Diyos. Maging binibini kayo, kumilos kayo bilang isang binibini, manamit na parang binibini, maging malinis. Kumilos na parang isang binibini, huwag n'yong isuot 'yung mga . . .

⁸¹³ Sinumang lalaki na hahayaan ang kanyang asawang babae na lalabas at suot-suot ang ganyang naglilitan na mga damit sa harap ng kalalakihan, at lahat ng mga nag-iiksian at hamak na mga bagay na 'yan. . . lalabas sa bakuran at magtatabas ng damo sa bakuran, at mga bagay na gaya nun, ginoo, sinasabi ko sa iyo, kapatid! Ayaw kong—ayaw kong maging masungit, ako. . . Alam ng Diyos ang nasa puso ko. Pero kinakailangan kong gawin. . . Kinakailangan kong baguhin nang husto ang sarili ko bago ko ipagawa sa asawa ko. Kinakailangan kong ipakita na ako ang naroon sa ibabaw ng burol sa haba ng makakaya ko, kita n'yo; at kung hindi ko magawa, aba'y marapat lang sa akin na umalis dun. Ganoon nga.

⁸¹⁴ Oh, kapatid, kahiya-hiya at kawalang-kapurihan para sa isang babae na gawin 'yun. At hindi ko—hindi ko ibig, kapatid na babae. . . Hindi ko—hindi ko kayo minamasama, Sinisikap ko lang sabihin. . . Ang ating iglesya rito'y walang mga pagpapamiyembro, ang mga tao'y nagpupunta lamang dito. Mangyari nga na ito'y tahanan ng Diyos, at tunay na sinasabi namin sa mga tao na huwag suotin ang mga bagay na 'yan. Na 'yan ay. . . mananagot kayo dahil diyan sa Araw ng Paghatol. Ngayon masdan n'yo rito. At pahabain n'yo ang buhok n'yo, kita n'yo, at maging isang binibini.

⁸¹⁵ Ngayon:

Datapuwa't sa . . . pagtatagubilin sa inyo nito ay hindi ko kayo pinupuri, sapagkat kayo'y nangagkakatiapon para . . . hindi sa lalong mabuti, kundi sa lalong masama.

Sapagka't unauna'y, kung nangagkakatiapon kayo sa iglesia, ay nababalitaan ko na mayroon sa inyong mga pagkakabahabahi; at iba pa, . . . (nadadawit na mismo ang dulang ng komunyong)

⁸¹⁶ Ngayon pakinggan n'yo Iyon. Yan ang dahilan kaya't ang mga anghel. . .

⁸¹⁷ Ngayon, Kapatid na Palmer, hindi ko sinasabi rito sa teyp na ganyan din ang ipangaral mo riyan sa ginagawa ko rito. Pero alam mo ang mabuti't higit na mainam, at ikaw ay isang mangangaral mismo, alam mo na Katotohanan ito, kapatid. Sige.

⁸¹⁸ Kaya ang *mga anghel* dito'y "mga tao." Kung mapapansin mo ito, Kapatid na Palmer, nandun 'yun sa maliit na letra, ang "mga anghel." At tinugaygay pa 'yun mismo ng Biblia. . . Tinutukoy niya roon ang lalaki at ang asawang babae nito, kita mo, 'yan 'yung paksa.

⁸¹⁹ Sa ganyan nalilito ang mga tao sa Biblia, sinasabi nila, "Buweno, sinasabi ng Diyos ang isang bagay *rito*, at ang isa naman. . ." Hindi po, kayo—kayo ang nawawala sa paksa. Manatili kayo sa siya ring paksa, ganoon 'yun. Ang tinutukoy niya rito ay ang lalaki at asawa niyang babae.

⁸²⁰ Ngayon isa pang bagay ang gusto kong matalakay bago tayo magtapos, siguro'y dalawang minuto na lang ito:

74. Saan paroroon ang mga banal matapos ang isang-libong-taon na paghahari? At anong klaseng katawan ang mayroon sila sa panahon na 'yan?

⁸²¹ Sa palagay ko 'yan ang pinaka kalugud-lugod na tanong, gustung-gusto ko ito. Ngayon tayo po'y tumuon lang nang direktso rito.

⁸²² Sa pasimula, ang Diyos. . . Balikan natin ang pagtuturo natin ukol sa Hebreo pansumandali. Ang Diyos ay isang dakila't, malaking bukal ng pitong kulay. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Kita n'yo? At ilan ang nakakaalam na ang Diyos ay may pitong Espiritu? Tunay, pitong Espiritu. At may pitong mata sa kordero, at iba pa, lahat ng 'yun ay lakip-lakip na rito ngayon. Kita n'yo? Ngayon, 'yun ang Diyos.

⁸²³ Ngayon noong Siya (ang Logos) ay lumabas mula sa Diyos, na ang Diyos na nanggagaling sa isang malaking bukal na ito patungo sa isang katawan sa anyo ng isang—ng isang tao; at ginawa nun ang Logos, na tinatawag natin na theophany.

⁸²⁴ Ngayon, kung kukunin n'yo ang theophany at titingnan kung ano 'yun, 'yun ay isang tao. Ngayon yamang tayo. . . Ngayon, ganoon nga tayo sa pasimula. Ngayon, hindi n'yo ito nauunawaan ngayon, pero kayo'y naroon na noong pasimula pa lang. Noong gawin ng tao. . . Noong lalangin ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan, ginawa Niya ang tao na isang theophany. At inilagay lamang Niya ang tao sa laman. . . Noong lalangin ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan, sa Kanyang wangis, sila'y. . . Sa Genesis 2, mayroong. . . o sa Genesis 1:28, naniniwala ako, "Walang magbubungkal ng lupa," at tapos na noong lalangin

ng Diyos ang lalaki at babae. Siyanga, “Walang magbubungkal ng lupa.”

⁸²⁵ Pagkatapos ibinaba ng Diyos ang tao nang kaunti at inilagay siya sa isang pamumuhay na hayop, 'yun nga'y ang katawan na ito, katulad ng mga hayop nang sa gayon ay mabungkal niya ang lupa, mahawakan. Ang theophany kasi'y hindi nakakahawak, hindi nakakakita, hindi nakakalasa, hindi nakakaamoy, hindi nakakarinig; wala nitong mga pandama na mayroon tayo. Kaya ibinaba ng Diyos ang tao sa kalagayan na ito para—para makahawak at makadama.

⁸²⁶ At—at habang ang tao'y naglalakad-lakad sa halamanan ng Eden, noong una'y bilang theophany (gaya nitong Espiritu Santo na narito ngayon na naglalakad dito), 'yun nga ang nanguna sa mga hayop. Pinangungunahan nito ang lahat ng mga bagay, pero hindi nito mabungkal ang lupa, kita n'yo. Kaya inilagay siya ng Diyos sa laman para mabungkal nito ang lupa. Binigyan siya ng Diyos ng limang pandama, para mabungkal ang lupa at maasikaso ang—ang mga taniman ng baging at—at iba pa, at ang tao nga'y nag-iisa lang. Oh, napaka gandang larawan nito.

⁸²⁷ Tingnan n'yo, dahil nung una siyang nilikha, nilikha siya na dalawang taong magkalakip. Siya ay nilikha na kapwa lalaki at babae, ang tao nga. Sinabi ng Biblia na ganoon ang tao. Nilikha ng Diyos ang tao na kapwa lalaki at babae, “nilikha Niya siya.” Pansinin ngayon, noong ang tao ay mahiwalay mula sa theophany at mailagay sa laman, siya nga'y—siya nga'y hindi buong-buong ganoon doon; bahagi ng pagkatao niya'y theophany pa rin, kaya mukhang hindi tama.

⁸²⁸ Hayan ang lalaki at babae sa baka, hayan ang kabayo, at hayan ang baka, at hayan ang iba pa, na magkapares. Pero si Adan, siya. . .hayan nga. . .Kita n'yo, may kulang. Ang labis na pananabik na 'yun ang nagpapakita na may kapares na naghihintay sa kanya. Nakukuha n'yo ba ito? At itong pinaka kaisipan mismo na mayroon tayo na mamamatay tayo rito, 'yun 'yung nakakaligalig at nakakabagabag sa atin, at nananabik tayo para sa Buhay na 'yun na walang kamatayan, ipinapakita nito na nakaabang sa atin ito. Kita n'yo?

⁸²⁹ At nag-iisa si Adan. At ang Diyos, para ipakita na hindi sila puwedeng paghiwalayin. . .Ngayon babalikan ko ang siya ring paksa na ito, maya-maya.

⁸³⁰ Tingnan n'yo, ang Diyos ay hindi nagtungo roon at kumuha ng alabok at gumawa ng isang Eba, bagkus lumikha siya mula sa orihinal na alabok, si Adan. Kumuha Siya ng isang tadyang sa tagiliran ng lalaki at nilikhaan ang lalaki ng katulungan, at 'yun si Eba. Nilikha siya para sa lalaki, at bahagi siya ng lalaki. Ang babae'y bahagi nung lalaki sa simula, sa paglalang, sa isang theophany. Ang babae nga'y bahagi na nung lalaki dito sa paglalang na ito rito sa ibaba. Hindi siya maaaring ibukod

na panibagong nilikha, kinakailangan na ang babae'y malikha galing sa siya ring nilalang.

⁸³¹ Yan mismo ang dahilan kung bakit si Cristo at ang Diyos ay marapat na siya ring Persona, hindi maaaring iba. Kung Siya'y mabuting tao lang o isang propeta, hindi Siya maaaring maging yaong Manunubos; kinakailangan na Siya na Manlilikha Mismo. Pero Siya nga'y theophany ngayon, kita n'yo, at sa pamamaraan mismo kung paano Siya noon.

⁸³² Ngayon dumating dito ang tao at siya—siya ay kahanga-hanga; at gustung-gusto 'yun ng Diyos, sabi Niya, “Napaka ganda nito, sila nga'y mananatili rito sa lupa at mabubuhay nang magpakailanman. Ganoon nga; nang—nang Walang Hanggan, at tuluy-tuloy-tuloy. Hahayaang lumago, at ang bawat halaman ay magbunga, at lahat ng tulad nun. At hahayaan ang tao na mabuhay, at ang mga hayop na mabuhay, at lahat ng iba pa, nang magpakailan-kailanman. Ganoon mismo.” Kita n'yo?

⁸³³ At pagkatapos pumasok ang kasalanan. At nais kong sabihin ang pahayag na ito. Doon sa . . . Maraming tao ang masaklap na nagkakamali sa isang Kasulatan na ito, at 'yun po'y nasa ika-23 Awit. Ganito ang pagkakabasa nila Rito, “Oo, bagaman ako'y lumalakad sa *madilim* na libis ng anino ng kamatayan.” Ngayon, wala pong ganoon. Hindi ganoon ang sinasabi ng Biblia, na, “Madilim na anino ng libis . . . madilim na libis ng mga anino ng kamatayan.”

⁸³⁴ Ang sabi, “Bagaman ako'y lumalakad sa libis ng anino ng kamatayan.” Ngayon, bago kasi 'yun magiging anino, kinakailangan na may liwanag para magkaroon ng anino. Kita n'yo, si David bilang isang propeta at nasa ilalim ng pahid, hindi siya nagkamali, sinabi lamang niya ang Katotohanan: “Oo, bagaman ako . . .” hindi, lumakad sa *madilim* na libis, kundi, “sa libis ng *mga anino* ng kamatayan.”

⁸³⁵ Kaya naman may partikular na porsiyento kayo ng liwanag para palabasin ang anino na ito. At ganoon ito rito. Tayo'y kapwa natural at sobrenatural. Itong katawan na ito'y sumasailalim sa kamatayan, at ipinanganak ng isang babae; hindi mula sa wala kundi sa pamamagitan ng . . . Hindi sa pamamagitan ng Diyos, kayo'y galing sa pagpaparami ni Adan at Eba. Kayo man ay itim, puti, o anuman kayo, kayo'y produkto, isang supling na galing kina Adan at Eba. Yan ang nagpaging sa inyong katawan na, “ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa katampalasan, nagtungo sa mundong ito na nagsasalita ng kasinungalingan.” Kayo'y sinumpa't hinamak sa simula pa lang ng buhay n'yo, doon pa lang, wala nang tyansa.

⁸³⁶ Ngayon, dahil sa espiritu na mayroon kayo na dumako sa inyo sa pamamagitan ng natural, at sa pamamagitan ng natural na galing sa seksuwal na paniniig, dahil sa pagnanasa ng kalalakihan at kababaihan kaya nagkaanak ng isang

makalupang bata. At subukan n'yong hayaan lang ang bata, at huwag n'yo siyang turuan ng anuman na tama, siya'y lalakad sa mali. Subukan n'yong huwag siyang turuan ng tama o mali, ang mali ang tatahakin niya. Dahil nasa kalikasan niya na gawin ang ganoon.

⁸³⁷ Masdan n'yo nga ang isang munting sanggol, na *ganito* pa lang marahil kalaki, kapag siya'y magmamaktol sa galit; siya nga'y . . . kanya—kanya ngang pipigain ang mga kamay niya, at mamumula ang mukha, at magpipigil huminga. Tunay. Ano 'yun? Kalikasan niya 'yun. Nakuha niya 'yun sa kanyang tatay o nanay, isa dun; ang nanay nito nga'y may pagkamainitin ang ulo na lalabanan kahit isang lagaring de motor, o ang tatay ng bata. Kung hindi sa magulang galing, sa kanyang lolo o lola galing. Kita n'yo, 'yun kasi'y supling.

⁸³⁸ Kaya 'yan ang nagsasanhi. . . Ipinanganak kayo sa sanlibutan. Naipanganak kayo sa natural, at ang buong pagkatao n'yo ay itim at marumi, at sa kapahamakan, at sinumpa at mapupunta ng impyerno. Ganoon nga!

⁸³⁹ Pero kapag kayo'y ipinanganak na muli, hayan nga na ang Liwanag ng Diyos ay magliliwanag sa kaluluwa na 'yan (hallelujah) pagkatapos hindi na ito madilim na libis, bagkus isang libis na may anino roon. Kayo marahil ay natatabingan ng laman na 'yan, at itong mga bagay na nakaharang sa ating panlabas, pero may sapat na Liwanag sa loob-loob nun. At balang araw ang Liwanag at ang kadiliman ay kailangang maghiwalay! At kapag nagliwanag na ang liwanag, tatalilis ang kadiliman. At sa sandali na tutungo na tayo kay Cristo sa katawan na 'yan, ang kadiliman at ang kamatayan ay maglalaho, at sasambulat tayo tungo sa sakdal na Liwanag. Maluwalhati ang Diyos! Hayan tayo; na wala nang sakit, wala nang dilim na nakahalo roon.

⁸⁴⁰ Ngayon kapwa tayo may karamdaman at kagalakan, at may kalusugan at kalakasan, at may *tagumpay* at *kabiguan*, at tugatog at pagkalugmok, at kagalakan at kalungkutan, at iba pa. Buweno, 'yun kasi'y anino. Mayroon tayong kaunting liwanag para malaman na may Liwanag doon; at nandito pa tayo sa katawan, sa laman. Pero darating ang araw na ang Araw na 'yun ay darating. Na ang anghel ng kamatayan ay pupuwesto roon sa paanan ng kama, 'yun nga'y sa panahon na sasabihin ng doktor na tapos na ang lahat; at itong natural na ito ay hihiyalay mula sa sobrenatural, at ang liwanag ay manunumbalik sa pagiging Liwanag, at ang kadiliman ay babalik sa pagiging kadiliman. Pagkatapos ang pagiging mortal na ito'y magbibihis ng walang-kamatayan. Yan nga 'yung sandali na ang kabulukan na ito'y magbibihis ng walang-kabulukan. Yan nga 'yung sandali na ang pagiging mortal na ito'y magbibihis ng walang-kamatayan, at tayo'y magiging mula sa nilalang ng oras ay magiging nilalang ng Walang Hanggan. Hindi kayo maaaring magtungo roon na

ganap ang kadiliman, kinakailangan na may liwanag kayo sa kadiliman. Hayan nga. Yan ang katawan na tatanggapin n'yo.

⁸⁴¹ Anong gagawin natin? Buweno, minamahal kong banal na kapatid na lalaki, minamahal kong banal na kapatid na babae, bago itatag ang mundo, noong lalangin kayo ng Diyos sa Kanyang larawan, o likhain ang—ang lalaki sa Kanyang larawan, at likhain ang babae sa larawan ng lalaki para sa kaluwalhatian ng lalaki, nilikha Niya kayo na isang theophany. Kagaya nga Niya, noong sabihin Niya “Ating” sa mga nilalang na Kanyang nilikha, “Ating likhain ang tao ayon sa Ating Sariling larawan, sa Ating wangis, isang theophany.” Hindi pa noon nagiging laman ang Diyos, Siya’y nasa isang theophany.

⁸⁴² At nakita Siya ni Moises. Sabi nga noon ni Moises, “Panginoon, ipahintulot Mo na makita Kita.”

⁸⁴³ Sabi Niya, “Magtungo ka roon at magtago sa bato, sa biyak nun.” At si Moises ay nagtungo roon sa biyak; at nung ang Diyos ay dumaan, hayan ang kidlat at kulog. . . At nung ang Diyos ay dumaan, Kanyang ibinaling ang Kanyang likod nang *paganito*.

At sabi ni Moises, “Ito’y itsurang likod ng isang Tao.” Hallelujah!

⁸⁴⁴ Sino Iyon? Ang Melquisedec na bumaba, ang Hari ng Salem, na walang tatay o nanay, walang pasimula ng mga araw o katapusan man ng buhay. Hayun Siya! At bumaba Siya. Yun ang Isa na ’yun na nakipag-usap kay Abraham; na bumuo para sa Sarili Niya ng isang munting katawan na laman na gaya nun, at “Whew!” hiningahan ’yun, humakbang doon papasok, at nagtungo roon at kumain ng baka, uminom ng gatas mula sa baka, at kumain ng mantikilya at ilang tinapay na gawa sa mais. At ang dalawang Anghel.

⁸⁴⁵ At nung sila’y lumabas na roon, at ang lahat ng mga sangkap na ’yun, “Whew!” naglaho’t nawala.

⁸⁴⁶ Hindi ko nga ’yun naisip noon. Dito di pa katagalan, nagkakarga ako ng bala ng baril, ang baril ko po’y .22, isa pong .220 na Swift. At sa mga kapatid na mahilig sa baril dito’y alam ito. Yung maliit na bala, isang kuwarenta’y otsong granong bala, na mga *ganoong* kahaba, regular na .22 na bala. Ikinarga ’yun halos sa isang lalagyan ng pulbura ng isang .30-06. Ngayon ako. . . Ikinakarga lang ’yun ng pabrika nang mga apatnapu’t apat na daang talampakan kada segundo. Buweno, pero puwede pa kayong magkarga. . . kayo nga lang ang magkakarga mismo, at puwede kayong magkarga nang aabot sa limang libong talampakan kada segundo. At—at kung hindi naman, kung kayo’y mamamaril. . . Namamaril kami, noong isang araw, sa distansya na dalawang-daang yarda, at ’yung bala’y kapag tumatama sa lupa, tumitilamsik agad bago pa umalingawngaw ’yung baril. Ganoon pong kabilis.

847 Tapos kumuha kayo ng pantinga (alam n'yo, 'yung palapad na bahagi nung pantinga) at sundutin n'yo 'yung pulbura at punuin n'yo 'yung dulo na 'yun ng pulbura, mga apat o limang maliliit na butil, at ilagay n'yo 'yun sa ibabaw nun, at pagkatapos ilagay n'yo 'yung bala n'yo roon. Tumayo kayo rito, at segundo lang 'yung bala n'yo sa inyong kamay. At paputukin n'yo 'yun doon sa groundhog na nakatayo nang dalawang daang talampakan mula sa inyo, at 'yung groundhog nga'y hindi na nakagalaw. Yung bala'y babalik sa orihinal nitong kalagayan, babalik sa pagiging gas. Heto ang isang bala na pinaghalong tanso at tingga, at kalahating segundo lang, manunumbalik 'yun na hindi n'yo na 'yun makikita pa. Manunumbalik 'yun sa kung ano 'yun sandaang libong taon ang nakararaan, babalik sa pagiging gas. Ang mga gas na 'yun ay kinakailangang mabuo muna't babalik sa pagiging tanso at pagiging tingga, at iba pa, parang ganoon. Ang mga gas na 'yun ay kailangang pumirmi.

848 Ngayon, hayan nga kayo. Ganyan nga tayo rito, tayo'y itong sa taas. Sa pasimula tayo'y nasa larawan ng Diyos. Itong tabing at kadiliman ang pumipigil sa atin para malaman 'yun ngayon. Pero sinabi ni Jesus sa mga alagad na Siya "ay kasama na nila bago pa ang pagkatatag ng mundo." Kita n'yo? Tayo nga! Hindi n'yo pa 'yun malalaman ngayon, pero ganoon nga kayo sa pasimula. "At kung ang makalupang tabernakulo na ito'y masira, mayroon tayong isa na naghihintay na!" Hallelujah! At pagkatapos hahakbang tayo roon sa theophany na ito, na kinabubuhayan natin noon, para makakain tayo at makipagkamay. At ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana'y sumisigaw, "Gaano pang katagal, Panginoon?"

849 May pitong baitung patungo sa Diyos, dahil may pitong Espiritu noong—noong Ito'y bumaba. Buweno, sa pagbaling n'yo roon sa dambana ng Diyos, sila'y umiiyak, "Panginoon, gaanong katagal pa? Maaari na ba kaming bumalik, sa ibaba rito?"

850 Sabi ng Diyos, "Kaunti pang panahon, hanggang sa ang mga kasamahan n'yo rin naman ay magdusa sa siya ring bagay na pinagdusahan n'yo." Kita n'yo?

851 At pagkatapos ang mga kaluluwa na 'yun ay manunumbalik, at magiging lalaki't mga babae uli, at mabubuhay nang magpakailanman kapag ang lahat ng kadiliman at kamatayan at karamdaman at kalungkutan ng kadiliman ay maglaho na; wala nang anino, ganap na liwanag na ng araw!

852 Pakinggan n'yo. Heto nga. Hayaan n'yo lang na magdilim ito nang kung gaanong gusto nito; hindi nga ito didilim nang husto na anupa't babasagin ng araw ang bawat kaliit-liitang dilim. Ang dilim at liwanag kasi'y hindi maaaring manatili na magkasama nang matagal. Dahil ang. . . Ano ba ang pinaka makapangyarihan? Ang liwanag nga. At kapag ang liwanag ay suminag, aalis ang kadiliman. Amen. Hindi ba kayo nagagalak?

Hindi ba kayo natutuwa na nalalaman n'yo? Walang pasubali, na wala ngang anino sa kung saan. Pero ang pinagpalang Liwanag na narito sa mga puso natin ngayon, isang bagay na nagpapatotoo mismo: sa Anak ng Diyos, sa kapangyarihan ng Diyos.

⁸⁵³ At pumupunta tayo rito, na nasasaksihan ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na bumababa at dumadako sa isang pagtitipon, at sasabihin, “Ikaw si Gng. *Ganito-at-ganoon*, na *ganito* ang ginawa mo, sa *ganitong* lugar. Pinahihirapan kayo nito nang *ganitong* katagal na, pero GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Tumayo ka, magaling ka na.” At ang pilay at bulag ay tatayo mismo. At 'yung mistulang anino na lang ng tao, na kinain na mismo ng kanser, ay babangon sa kasiglahan at may bagong kalusugan uli.

⁸⁵⁴ Walang pasubali, sinabi ni Jesus, “Itong mga bagay na ginagawa Ko, gagawin din naman ninyo.” At sabi Niya, “Hindi Ako gumagawa hanggang sa ipakita muna sa Akin ng Ama.”

⁸⁵⁵ Ano 'yun? Yun ang Liwanag na pumarito na nahalo sa kadiliman, kita n'yo, para tubusin tayo. Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin?

⁸⁵⁶ Ngayon, darating ang araw na babalik 'yun doon, at pagkatapos kapag ang theophany ay naging imortal na laman muli katulad sa simula, pagkatapos darating si Jesus, at ang Diyos. . . kapag si Cristo'y nagpaging-isa. Si Cristo ay uupo roon sa Luklukan, at lahat ng mga tao'y magiging tao. Si Cristo'y mauupo roon sa Luklukan ni David, isang Tao, ang Panginoong Jesus; hindi kailanman mamamatay. Hindi na tayo mamamatay pang muli, hindi na tayo magkakasakit pa, hindi na tayo malulungkot pa, at mabubuhay tayo nang isang libong taon.

⁸⁵⁷ At kapag natapos na ang isang-libong taon dito sa lupa, ang diyablo nga ay eeksen; at ang ikalawang pagkabuhay na mag-uli'y darating, ang pagkabuhay na mag-uli ng mga di-matuwid. Magtitipon sila ng malaking hukbo na kasing dami ng buhangin sa dagat, at darating sila na palilibutan ang kamento ng mga banal, at kapag nangyari na 'yan, ang Diyos ay magpapaulan ng apoy at asupre mula sa langit at wawasakin sila.

⁸⁵⁸ At sabi ni Juan, “Nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa, dahil ang unang langit at ang unang lupa'y lumipas na, at wala nang dagat. At ako, si Juan, ay nakita ang Banal na Siyudad, ang Bagong Jerusalem, na bumababa mula sa Diyos mula sa Langit, inihanda na parang isang nobyang ginayakan para sa kanyang asawang lalaki.” Hayan nga.

⁸⁵⁹ Diyan sinabi niya, “Ang asawa. . . Ang Cordero at ang Nobya ay paroroon magpakailanman.” Magkakaroon ng isang bagong lupa, milyun-milyong milya kuwadrado. Oh, grabe. Ang Siyudad, ang pagkakasukat ng Biblia sa Siyudad ay labing-limang libong milya kuwadrado. Yun po'y labing-limang libong

milya ang haba, labing-limang libong milya ang lawak, at labing-limang libong milya ang taas. Yan mismo ang eksaktong pagsasalarawan ng Biblia ukol sa Siyudad. Hindi na nga nakapagtataka kung bakit wala nang dagat, wala nang lugar para dun.

⁸⁶⁰ Oh, magkakaroon nga nang ganoong kaganda! At doon, may bukal sa mismong Luklukan ng Diyos, na umaagos sa harap ng Luklukan. May punongkahoy sa magkabilang gilid ng puno . . . ng ilog ng Buhay. At sa puno na ito ay naroon ang labing-dalawang iba't ibang bunga, at nagbubunga ng bunga nito kada buwan.

⁸⁶¹ Naroon ang dalawampu't apat na matatanda. Naroon ang Nobya. Naroon ang apatnapu't apat na libo, ang mga bating ng templo. Oh kapatid, grabe itong patutunguhan natin! Ang mga bagay na ito'y nakalatag na sa unahan natin. Ang apat . . . Ang dalawampu't apat na matatanda. Ang sandaan at apatnapu't apat na libong mga bating. Ang Nobya'y nakaupo sa tabi ni Cristo. Grabe, 'yung sinasabi n'yong . . . Aking Uwian, na masarap Uwian! Amen.

⁸⁶² Ang isipin na may pribilehiyo ako na mapunta roon, at kayo man ay may pribilehiyo na makapunta roon. At bakit n'yo pipiliin na lumakad sa kadiliman na ito at walang makitang Liwanag, at mamatay at mapunta sa ganap na kaguluhan at pumaram? Dahil sa panahon na kapag ang Liwanag ay ipakikita na ang pinaka sukdulang kapamahalaan, wala nang lugar para sa kadiliman. Sige't hanapin n'yo kung saan napupunta ang kadiliman kapag dumarating ang liwanag. Magiging ganun nga 'yun, na kapag ang lahat ng mga bagay ay manunumbalik na sa Diyos. Mangyari, na kung ang kadiliman ay may pasimula, ang kadiliman ay may katapusan. Ang liwanag ay walang pasimula kailanman o katapusan kailanman. Ang Diyos ay walang simula kailanman o katapusan kailanman. Kaya, balang araw, itong buong bulok na mundo kasama ang lahat ng kasalanan nito'y kabighanian, na tinatawag, at lahat ng pantastikong mga bagay at mga sensasyon, at lahat ng kagarbuhan nito at lahat na ay maglalaho sa kawalan, at mawawala na. Mawawala na, hindi na maiisip pa! Ang sabi, pa, "Hindi na ito maaalala pa kailanman."

⁸⁶³ Pero ang mga pinagpala ng Panginoon ay makakasama Niya sa tuwina. Magkakaroon tayo ng isang katawan na gaya ng Kanyang Sariling maluwalhating katawan; at mabubuhay kasama Siya, at kakain kasama Siya, at mauupo kasama Siya, at mananahan kasama Siya nang magpakailan-kailanpaman at sa makabilyong panahon; at ang Walang Hanggang kapanahunan ay tutugaygay sa buong panahon na walang katapusan.

⁸⁶⁴ At may pagpili kayo sa gabing ito. At kung hindi kayo handa na katagpuin ang dako na 'yun, kahit na gaano pa kayong laging dumadalo sa simbahan, gaano pa kayong kabuting miyembro,

ligaw kayo hanggang ibigay sa inyo ni Cristo ang bagong Buhay sa kadiliman na 'yan na inyong tinatahak. Marahil relihiyoso kayo. Relihiyoso, pakinggan n'yo, mga kaibigan, ang relihiyon ay intelektuwal. Kita n'yo? Lahat ng mga anak ni Cain ay laging may relihiyon. Yaong mga Judio ay may relihiyon noong si Jesus ay dumating, pero tinanggihan nila ang kaligtasan.

⁸⁶⁵ Marahil kayo'y ubod ng pagkarelihiyoso sa gabing ito. Marahil kayo'y Presbyterian, Methodist, Pentecostal, Nazarene, Pilgrim Holiness. Marahil ganoon na lamang kayong karelihiyoso; nagpupunta ng inyong simbahan at nagpapatotoo, nakakaawit marahil at nakasisigaw at nakakapagpuri sa Panginoon, nadadala n'yo marahil ang inyong mga ikapu sa iglesya, marahil maayos angtrato n'yo sa inyong kapitbahay, wala nga 'yang kinalaman na anuman sa inyong Walang Hanggang patutunguhan. Ginawang lahat 'yan ni Cain. Siyanga.

⁸⁶⁶ Sinabi ng Biblia na “ang trigo at damo ay magkakasama.” Yung munting kaawa-awang trigo ay naroon, uhaw na uhaw sa ulan, at ang—ang mga damo ay ganoon din. Noong dumating ang ulan, ang mga damo'y natuwa na makatanggap ng ulan gaya nung trigo. “Pero, sa pamamagitan mismo ng kanilang bunga, inyo silang makikilala.”

Ngayon manalangin tayo habang sinisiyasat n'yo ang inyong mga bunga:

⁸⁶⁷ Ngayon, Diyos Ama, may mga sensitibong mga tanong na naitanong sa gabing ito. Marahil hindi sapat ang nagawa ko, pero ito po'y sa pinaka mainam kong nalalaman; batid Mo po ang puso ko. Dalangin ko, Diyos, na Iyong tanggapin ito. At, ngayon, marahil, sa ilan sa mga katanungan na ito, kung hindi ko po napaging sapat, kung ganoon ay magsalita Ka po sa puso ng mga tao, at Iyong ibunsod na ang mga ito'y nasa tama nilang pagkakapuwesto. Ramdam ko po na Iyong sinabi sa akin. Pero baka ako po'y nagkakamali, kaya naman ako po'y patawarin Mo.

⁸⁶⁸ At dalangin ko, Diyos, na ang bawat isa sa kanila ay kunin ang mga bagay na ito sa kanilang puso, at nawa'y pagbulayan nila ang mga ito at isipin na gaya nito, “Oo, heto ang iglesya, heto nga ang mga bagay na ito. Yun nga ang sinabi ng Biblia.”

⁸⁶⁹ Marahil ang mga kababaihan, Panginoon, batid Mo na hindi ko sadya na mamersonal sa pagsasabi ng mga ito sa kanila. Pero, Diyos, aking—aking kinalulugdan ang mga kapatid na babae, at batid Mo po 'yan, Ama. Batid mo kung paano ko sila iniisip. Paano't kung tatayo ako at di ko sasabihin sa kanila ang bagay na mali, magiging—magiging manloloko ako sa kanila. Hindi ko ibig na maging manloloko sa aking mga kapatid na babae, ang gusto kong sabihin sa kanila'y ang Katotohanan. At, Ama, akin ngang hinahango Ito mula sa Iyong Salita.

⁸⁷⁰ At ngayon hindi ko kinokondena ang aking mga kapatid, bagkus, Panginoon, ang sinasabi ko sa kanila'y mali sila kung hahayaan nila ang mga bagay na ito. At kung ang isang binibini'y alam na ang mas mabuti at lalakad pa rin at gagawin ang dati, 'yun po'y sa kanila na, hindi na po ang pastor ang may sala.

⁸⁷¹ Ang Abba Ama, ang mga bagay na ito ay ang Iyong Salita, at ang mga ito'y sa Iyo. Ngayon Ikaw po'y mangusap sa puso ng mga tao. Itinatagubilin ko silang lahat sa Iyo. Nakikita ko ang Iyong ginawa, Ama; nababatid Mo. Ikaw po'y mangusap sa bawat puso. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo.

At habang nakayuko ang ating mga ulo:

⁸⁷² Iniisip ko kung mayroon bang magtataas ng kanilang kamay, sasabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo po ako nang sa gayon maging ganap na mananagumpay ako, at sa huling araw ay isuot ko ang damit pangkasal at makasama si Cristo." Magagawa n'yo na bang itaas ang inyong kamay, sasabihin, "Ipanalangin mo po ako"?

⁸⁷³ Ang lahat po'y panatilihing nakayuko ang kanilang ulo ngayon, at yumuko lang. Pagpalain kayo ng Diyos, mainam. Diyan, pagpalain kayo ng Diyos, aking mga kapatid na babae; at aking mga kapatid na lalaki, rin, na mga nagtataas ng kanilang mga kamay. Mabuting-mabuti po 'yan.

⁸⁷⁴ Ngayon, Ama, nakikita Mo po ang kanilang mga kamay. (Alam ko, kung minsan iniisip n'yo, "Buweno, may maidudulot ba ang munting panalangin na gaya n'yan?") Diyos, iniisip ko ang tungkol sa nanay na 'yun, ang sabi kahapon, "Munting panalangin lang sa kanyang bahay noong araw na 'yun noong ang batang lalaki'y mamamatay na, tatlong linggo na lang ang nalalabi para mabuhay, 'yung malignant na bukol na 'yun sa utak, at ngayon nagbago ang mga bagay-bagay."

⁸⁷⁵ Naiisip ko si Hezekias, na isinasandal ang kanyang mukha sa may dingding, at umiiyak, "Panginoon, ipinapakiusap ko po sa Iyo, mahabag Ka po sa akin. Iyong isaalang-alang ako, dahil ako po'y lumakad sa harap Mo na may sakdal na puso." Nagbago nga mula kamatayan patungong buhay.

⁸⁷⁶ Isang sigaw lang mula sa Anak ng Diyos, "Lazaro, lumabas ka riyan!" at isang patay na lalaki ang lumabas mismo.

⁸⁷⁷ Oh Diyos, ang sabi Mo, "Magsalita, humiling, at ito'y ipagkakaloob. Kapag sasabihin ninyo ang anumang bagay, sampalatayanan na ang sinabi ninyo ay mangyayari, matatanggap ninyo ang sasabihin ninyo."

⁸⁷⁸ Ngayon, Ama, dalangin ko na ang bawat isa na nagtaas ng kanilang kamay ay matanggap nila kung ano ang itinaas nila ng kanilang kamay. At sila nawa'y mapagpala. At Diyos, dalangin ko na Iyong tulungan ang aming mga kapatid na

babae, na sila'y . . . kanilang maisaayos ang kanilang kilos, na si Satanas sa pamamagitan ng telebisyon at *True Story* na mga magasin at iba pa, na panay patungo sa pagpapariwara, at mga programang walang pagsesensor, ganoon na lamang na ang karumihan at kalaswaan ay nasa telebisyon na't iba pa, na dapat sana . . . Maaari sana na maging instrumento para maka-akay ng milyong mga kaluluwa sa Iyo, pero ngayon ni wala man lang pagsusuri ng programa, at ipinapalabas ang lahat ng mahahalay na maruruming bagay na kanilang . . . Oh, grabeng kaawa-awa! At yamang nalalaman namin na ang espiritu ng diyablo ay nakapasok at nasa paligid lang ng aming mga kapatid na babae, at sinusulsulan nila na makiuso at magdamit nang gaya nun.

⁸⁷⁹ At nalaman namin na sa . . . maging sa mga kapatid naming lalaki, din, Panginoon, na naiisip nila na siguro puwede lang silang manigarilyo at uminom ng alak, at magpatuloy sa ganoon, at mananatili pa ring mga Cristiano kuno dahil sinasabi nga nila na sila'y "nananampalataya." Iyo pong ipabatid sa kanila na "maging ang diyablo ay nananampalataya, rin." At ang diyablo'y hindi ligtas, "siya na nananampalataya't nangingingin pa."

⁸⁸⁰ At ngayon, Ama, dalangin namin na Ikaw po'y maging mahabagin sa aming lahat, at patawarin kami sa aming mga kasalanan, at marahil may iba na hindi nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, Oh Diyos, mahabag Ka po. Nawa sa susunod nilang pagkakataon, nawa'y itaas na nila ang kanilang mga kamay.

⁸⁸¹ Kami po'y naghahanda nang sumalo sa komunyong, Panginoon. Patawarin Mo po kami sa aming mga pagkakasala't aming nakalipas sa buhay. At nawa'y tanggapin namin ang Iyong pagpapala, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

⁸⁸² Pagpalain kayo ng Panginoon. Pasensya na po kung napanatili ko kayo nang ganito. Iniisip ko lang, bago lamang magkomunyong, mayroon po kayang gustong dumulog para maipanalangin, nagnanais na maipanalangin, buweno, ikinagagalak namin na gawin 'yan sa oras na ito, kung mayroong sinuman na gustong maipanalangin.

⁸⁸³ Sige, kapatid, alalayan mo siya rito, mainam po. At sandali na lang po ito, at pagkatapos tayo'y—tayo'y magpapauwi na. At pagkatapos sa pagpapauwi natin, siyanga't 'yung mga nagnanais na manatili para magkomunyong, ay manatili lang po. Pero ngayon po'y maglaan tayo ng pananalangin para sa maysakit. Ano bang sinabi ng Biblia?

⁸⁸⁴ Kung ang kapatid ay hindi makatayo . . . Ayos lang 'yan, hayaan n'yong maupo lang siya riyan, kami na ang lalapit sa kanya. Ajos lang po 'yan, hayaan n'yo lang siya na nakaupo riyan. At kami na ang lalapit at ipapanalangin siya. Ajos lang po 'yan. Sige po, ginoo, paupuin—paupuin n'yo siya

riyan. Mahihirapan kasi siya kung pupuwesto rito, siyanga, ikinagagalak namin na kami na ang lumapit sa kanya.

⁸⁸⁵ Ngayon gusto ko lang pong sabihin ang isang munting pagbabanggit na ito, minamahal kong kaibigan. Kita n'yo, alam ko—alam ko na pinatunayan na ito ng Panginoon nang makailang ulit na't maraming beses na. Kita n'yo? Hindi po ako mangangaral na maituturing, wala po akong edukasyon at kung ano pa. Minamahal ko lamang ang Panginoong Jesus, batid ng Diyos na minamahal ko Siya. Pero isang bagay nga't tinawag ako para gawin, ay ang manalangin para sa mga maysakit. Naniniwala po ba kayo riyan? Bago ko pa man malaman ang tungkol sa kaloob na ito, lagi na akong nagpupunta rito sa ospital noon; at naaalala ko ang mga nars na sinasabi, "Ngayon gagaling ka na." Kita n'yo? At isang bagay nga 'yun, na ganoon na lamang kabiyaya ang Diyos na pakinggan ang aking mga dalangin para sa mga tao.

⁸⁸⁶ Naiisip ko nga, ngayong gabi, kung mapapatawag lang, isang pambuong-mundong pag-aanunsyo sa lahat ng dako ng mundo. At halimbawa, ang lahat ng ipinanalangin ni Kapatid na Branham, ay magpunta rito, gusto ko nang tumugon kayo sa gobyerno ng Estados Unidos, sa pamamagitan ng liham. At isasahimpapawid 'yun sa buong mundo. Sa palagay ko, nasa apat o limang milyong katao ang tutugon sa pagtawag na 'yun kung mababalitaan lang ng lahat. Kita n'yo?

⁸⁸⁷ At sila, o ang ilan sa kanila'y patay na, iniratay na ng doktor, at—at ng nag-aasikaso ng libing. Ang ilan marahil sa kanila'y namatay sa aksidente; ang ilan sa kanila'y namatay ng natural na kamatayan. Ang ilan sa kanila marahil ay bulag, pingkaw, lumpo, namimilipit, nagdadalamhati, may sakit sa pag-iisip. . . nasa mga ospital, hindi nalalaman na nasa ospital kami't ipinapanalangin sila. Ano't dinala sila roon, kinailangang isugod sila. Lumalaban nga sila't binubusbos na sila, nang walang kamalay-malay kung nasaan ba siya naroon. Limang minuto lang, normal na, kalugud-lugod, na mabubuting tao, at nasa tama nang pag-iisip sa nalalabi pa nilang araw. Kita n'yo?

⁸⁸⁸ Ito'y. . . Ano 'yun? Hindi 'yun si Kapatid na Branham. Si Jesus Cristo 'yun, Kanyang ipinadala ako para manalangin para sa mga maysakit. Ngayon heto nga. Hindi po ito ganoong katagumpay sa Jeffersonville, dahil, ganito po. Ngayon, gusto kong malaman n'yo na narito ang ilan sa mga pinaka malalapit at pinaka maiinam kong kaibigan sa siyudad na ito. Gayon ang siyudad mismo, ang estado ng siyudad, hindi ko gusto. Hindi ko gusto ang situwasyon, at di ko kailanman nagustuhan; noong munting batang paslit pa ako, nakaupo't, nagbabasa ng mga aklat ko ukol sa kasaysayan, sabi ko, "Balang araw aalis ako rito." Kita n'yo?

889 Hindi ko gusto ang Jeffersonville, isa itong latian, diyan nga sa ibaba. Latian na latian, at—at hindi po kagandahan. Aakyat ka rito sa ibabaw ng Spickert Knobs o kung saan, at tutunghay ka roon sa direksyon ng New Albany at Jeffersonville, kung gusto mong makita. Tumanaw kayo rito, mga doktor na mismo ang nagsasabi ngayon, na, “Ang mga tao sa libis na ito’y nagiging anemic na dahil sa kondisyon.”

890 Isang munting ginang dito, si Gng. Morgan, ay pinagaling mula sa kanser, dinala niya ang aso niya sa klinika rito, akala niya na may galis ito. Alam n’yo kung ano ’yun? Dahil nga dun sa dumi galing sa mga pabrika ng Colgates at kung anu-ano pa sa damuhan kung saan ’yun naitatapon. Mangyari nga na nakakasama sa kalusugan.

891 Isang lalaki na taga-Hukbo, ang nagtungo rito at nagkaroon ng . . . Nagkaroon ng hika. Nagtungo rito sa Florida at ’yung mga mata niya’y nangitim nang husto, at nagtungo siya sa doktor, at sabi niya, “Doktor . . .”

892 Sabi ng doktor, “Ngayon, nakipag-away ka ano, siyanga?”

893 Sabi niya, “Hindi, po, hindi po ako nakipag-away.”

894 Kung gusto n’yong malaman kung sino ito, ang pangalan niya ay Herby. Ngayon, kung maaalala ko . . . Sa—sa Union National Bank po, sa New Albany, isa siyang teller. Puntahan n’yo lang at makipagkita kayo sa isa roon na “Herby,” tanungin n’yo siya.

895 At sabi niya . . . Nagtungo siya, sabi niya, “Doktor,” sabi niya, “May sinus po ako.”

896 At ineksamin siya ng doktor, sabi, “Tama.” Sabi niya, “Akala ko nakipag-away ka.” Sabi, “Iho, saan ka nakatira?”

897 Sabi niya, “Baka hindi po kayo pamilyar sa lugar,” sabi, “Nakatira ako sa isang maliit na siyudad sa tawid lang ng Louisville, Kentucky, ang pangalan ay New Albany, Indiana.”

898 Sabi, “Ang ibig mo bang sabihin ay nakuha mo itong problema mo sa sinus sa tubig-alat dito sa Miami, sa pagpunta mo?” Sabi, “Kung nakakatira ka sa Jeffersonville, Indiana, o New Albany, Indiana, makakatira ka sa kahit saang lugar sa mundo na ipadadala ka ng hukbo ng Estados Unidos.” Ganoon nga. Kita n’yo?

899 Yun ang lugar na pinaka masama sa kalusugan ng tao sa mundo, na alam ko, maliban na lang kung latian na pinagpupugaran mismo ng malaria. Kita n’yo? At may—may—may—may mga kaibigan ako rito.

900 Tingnan n’yo rito, mababanggit ko nga sila isa-isa. Tingnan n’yo po si Dr. Sam Adair, na kaibigan ko. Buweno, nandiyan si Mike Egan, na nakaupo riyon. Oh, grabe, marami pa nga akong mapapangalanan! Daan-daan po mismo na mga matatalik kong kaibigan, mga dati ko nang kaibigan, na kasa-kasama ko na . . .

Kahit na gaano pang karaming bagong kaibigan ang makilala ko, wala ngang makahahalili sa isang matagal nang kaibigan. Alam n'yo 'yan.

⁹⁰¹ Hayan po ang matanda ko nang nanay na nakaupo riyang sa likod, hindi na ganoong karaming mga araw ang itatagal sa lupa, nasa sisenta anyos na po siya. Nandiyan din ang nanay ng maybahay ko, sitenta na, papunta nang sitenta'y uno; nakaupo rito sa likod sa kung saan, sa palagay ko, ngayong gabi. At diyan, niwan siya. Ang tatay ko po'y inilibing dito; ang asawa ko'y inilibing dito sa Walnut Ridge; ang anak kong sanggol ay nakahimlay din dun. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

⁹⁰² Ayaw ko—ayaw ko—ayaw ko. . . Ayaw ko—ayaw ko—ayaw ko—ayaw kong manatili rito, at naniniwala ako na balang araw, daglian, na aalis na rin ako. Kita n'yo, lumalapit nang lumalapit ito sa akin, sinasabi ko nga ito sa ibabaw ng pulpito rito at narito ang Biblia ko, sa tuwina.

⁹⁰³ Noong sabihin ko sa maybahay ko, noong ibigay nila sa akin ang pera para ipatayo 'yung bahay-pangministro na ipinasa ko naman sa iglesyang ito. . . Ang iglesya po ang nagmamay-ari ng bahay-pangministrong ito; puntahan n'yo po, tingnan n'yo kung hindi ba. Kita n'yo, hindi ko 'yun magagawa sa sarili ko.

⁹⁰⁴ Ngayon, noong itatayo ko 'yun roon, sabi ni Meda, "Gusto kong manatili rito dahil sa nanay ko na rin."

⁹⁰⁵ Sabi ko, "Honey, gustuhin man natin, pagsisisihan lang natin. Kita mo, hindi uubra. Sabi ng Diyos, 'Humiwalay ka,' kinakailangan ko ngang gawin."

⁹⁰⁶ Tapos sabi, "Buweno, ang nanay ko!"

⁹⁰⁷ Sabi ko, "Ang nanay ko nga, rin. 'Pero ang hindi iiwan ang kanyang sarili, at susunod sa Akin, ay hindi karapat-dapat na matawag na Akin.' At totoo 'yun."

⁹⁰⁸ Balang araw, nalalapit na, pakiramdam ko ay lilipat na ako, hayan nga, lalayo. Pero ganito talaga rito, hindi kumikilos nang husto rito ang mga pagtitipon. Hindi kumikilos gaya sa iba pang lugar, at sinuman na nakadalo na sa pagtitipon ay alam 'yan, dahil dito nga 'yun sa kinagisnan kong bayan. Siyanga.

⁹⁰⁹ Sinabi ni Jesus ang ganoon din noong Siya'y pumarito.

⁹¹⁰ Sabi nila, "Sino ang lalaking ito? Hindi ba't ang anak na lalaki ito ng karpintero na taga-rito? Saang eskuwelahan ba siya nanggaling? Saan niya nakuha ang natutunan niya? Ngayon sige nga't ipakita mo sa amin na nagpapamalas ka. . . Ang sabi mo nakagawa ka na ng mga himala rito, sige nga't pakitaan mo kami ng ganoon din dito. Yung ginawa mo sa Capernaum, ipakita mo nga sa amin na gawin mo naman dito."

⁹¹¹ Sabi ni Jesus. . . "Nanggilalas Siya sa kanilang dipananampalataya." Bumaling Siya at ang sabi, "Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, ang isang propeta'y walang

pagpapala hangga't nasa kalagitnaan siya ng kanyang sariling mga kamag-anak sa kanyang sariling bayan." Tama po ba?

912 At alam natin...tingnan n'yo...Kunin n'yo na lang na halimbawa si Finney, kunin n'yong halimbawa si Sankey, si Moody; kunin n'yong halimbawa si John Wesley, hindi nila 'yun mapagana nang maigi, kita n'yo, hanggang sa umalis sila ng bansa nila. Tingnan n'yo si—tingnan n'yo si—si—si Moody. Noong is Moody, na isang magsasapatos na taga-Boston, noong hindi siya makaarangkada, nagpunta siya ng Chicago bago siya naging kilala. Kita n'yo? Kinakailangan n'yong mahango mula sa kinagisnan n'yo. Ganoon nga sa tuwina.

913 Pero ngayon, dito, tutugunin ng Diyos ang inyong panalangin kung kakalimutan n'yo na si William Branham ito (Kita n'yo?), kung kakalimutan n'yo na si William Branham ay may kinalaman dito, na siya lang ang nariyan para tumayo at manalangin para sa inyo. Haya't si Jesus Cristo ito na ginawa na ang bagay na hiniling n'yo na mapangyari, kung kayo'y sasampalataya lamang dito. Kita n'yo? Wala ngang kinalaman ito sa... Wala po akong anumang kinalaman dito, narito lamang ako para sumaksi. Pero dahil nga sa ako'y lumaki rito kasama n'yo, at nalalaman n'yo ang bawat kahinaan na mayroon ako, at bawat kapintasan na mayroon ako... At alam n'yo kung ano mismo ang ginawa ng Diyos, dito mismo sa siyudad na ito.

914 Ang siyudad na ito, sa araw ng paghatol, ay mananagot ng isang malaking halaga balang araw, dahil may daan-daang katangi-tanging mga pagpapagaling ang nangyari mismo rito (Ganoon nga.), dito mismo. Mga tanda't mga kababalaghan, at ang pagpapakita ng Anghel sa dako roon, at inilalathala pa nang husto ng mga diyaryo't lahat, at ganoon pa rin na ang mga tao'y hindi...Bakit ganoon?

915 Ngayon balang araw, aalis po ako rito. Iniisip ko lang: "Ano kaya ang magiging katapusan ko? Tapos na ba? Malapit na ba? Ako'y apatnapu't walong taong gulang na. Tapos na kaya?" Iniisip ko nga ito. Kung ganoon na nga...

916 Tingnan n'yo, bakit hindi napagtanto ng mundo ang litrato na 'yun doon? Bakit hindi nila 'yun nasalo agad-agad? Bakit hindi nila nasasalo itong mga ibang bagay na ito? Bakit hindi nila mahagip itong mga propesiya't mga bagay-bagay? Alam n'yo, hindi pa nila magawa sa ngayon, pero isang araw lilisan na ako sa mundong ito, at sa paglisan ko, saka pa lang nila mapagtatanto Ito. Ilan sa inyo na mga kabataan ang makatatanto nito kapag wala na ako. Kita n'yo? Mangyari nga na hindi pinapahintulutan ng Diyos na mapangyari 'yan ngayon. Nakikita n'yo ang... nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

917 ...Pulseras lang ng munting batang babae. Baka may nakapulot sa inyo. At naniniwala ako na sinabi ni Kapatid na

Sothmann na naiwan niya ang isang Biblia rito noong huling beses na nandito siya, sa pagkakaalala ko. May nakakita ba nung Biblia, isang—isang naiwang Biblia rito? Kung nakita n’yo, kay Kapatid na Sothmann po ’yun na taga-Canada. Sige’t ngayon manalangin na tayo.

⁹¹⁸ Panginoon, mahabag Ka, habang ang musika’y matimyas na tumutugtog at si Kapatid na Neville ay magpapahid ng langis, akin pong ipapatong ang aking mga kamay sa mga maysakit sa Pangalan ni Jesus. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, para sa kanilang kagalingan. Amen.

⁹¹⁹ Ang lahat po’y manalangin na, ngayon, ang bawat isa po. Sige.

Panginoon, ang munting bata, habang ang kanyang lolo ay nakatayo rito para sa kanya. Siya po’y hindi hiyang sa gatas, sa lahat ng gatas. Pero Ikaw ang may lahat na Kapangyarihan at ang munting bata’y hindi kayang magkaroon ng pananampalataya para sa sarili niya. At kaya naman, Panginoon, ako ang nananampalataya para sa bata, kasama ang kanyang mga magulang at mga lolo’t lola at prinoproklama namin, sa Pangalan ni Jesus, na ang sanggol na ito ay makaiinom na ng gatas at mabubuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen. Mangyayari po ’yun.

Oh, Diyos, nananalangin siya para sa kanyang tatay. Sinasamahan ko po siya sa pananalangin na Iyong pagagalangin ang kanyang tatay at ipagkaloob sa kanya ang pangangailangan niya, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

⁹²⁰ Ngayon, hindi ba’t simple lang po? Nananalangin ang mga tao, pero kadalasan ang mga tao... Ang tinitingnan nila’y malalaking bagay at pinagiging kumplikado nila ito. Pinagiging simple ito ng Diyos. Pinagiging kumplikado n’yo ito at kaya napapalampas n’yo. Kita n’yo? Gawin n’yo lang... Simplehan n’yo lang gaya ng sabi ng Diyos: “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may sakit, sila’y gagaling,” gaya ng sabi ng Diyos.

⁹²¹ Ipinapatong po namin ang aming mga kamay sa babaing ito, Panginoon, sa aming kapatid na babaing ito na nakatayo rito, at nawa siya’y gumaling habang hinihiling namin ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

⁹²² Ama, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa paggunita sa Biblia at sa katuruan ng Panginoon, nawa’y gumaling siya.

Ama, sa Pangalan ni Cristo, hinihiling namin ang ang kagalingan ng aming kapatid na babae, at dalangin ko na Iyong pagagalangin siya habang tumatalima kami sa Iyong Salita, wala pong pagdududa sa aking isipan na anupa’t siya’y...?... Amen.

923 Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid naming babae na ito, at hinihiling 'yun, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na pagagalingin Mo siya at paiigihin ang lagay niya. Amen.

Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ipinapatong namin ang aming kamay sa kapatid naming lalaki na ito at hinihiling na Iyong pagalingin siya para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pinapahiran namin ang kapatid na babae, at pinapatungan siya ng mga kamay at hinihiling ang kanyang kagalingan sa Pangalan ni Jesus.

Diyos Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid naming lalaki na ito, hinihiling namin ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang pinapahiran namin siya na Iyong pagagalingin siya.

Ama, heto, ang kanyang minamahal na asawa...?..na pinapahiran siya at pinapatungan ng mga kamay, hinihiling ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

924 Panginoong Diyos, pinapahiran po namin si munting Edith, pinapatungan siya ng mga kamay, at hinihiling sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo na Iyong ibibigay ang kanyang kahilingan.

Ama, sa kanyang nanay, kami'y nagpapahid din at nagpapatong ng mga kamay sa kanya at hinihiling na siya'y gumaling, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, siya nawa'y gumaling.

925 Ama, pinapahiran namin ang munti't mahalagang hiyas na ito ng pamilyang ito, munting tinitibok ng puso, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na isang araw ay itinatagubilin sa Kanya, at ipinapanalangin ko na Iyong pagagalingin ito...?..

926 Oh Diyos, nalalaman Mo ang kahilingan ng aming kapatid na babae at pinasasalamatan Ka namin dahil sa magiting na pananampalataya ng kapatid na babaing ito. Ngayon, marami ang kanyang hinihiling, na...?..napaglaruan niya noong siya'y bata pa, at Diyos, nawa'y kalagan ng kaaway ang babaing ito at nawa'y makauwi siya na magaling na, Panginoon. Ipinapanalangin namin ang lalaki, rin, na kanyang hinihiling na maipanalangin, haya't ipinangako Mo, "Kung hihiling kayo ng anuman sa Aking Pangalan, gagawin Ko ito." Dalangin ko po na Iyong ibibigay ang kahilingan na ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos.

927 Panginoon, heto ang ugat na ito na namamatay sa noo ang aming kapatid na lalaki, humihiling kami ng buhay para pasiglahin ito, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya at hinihiling ito, sa Pangalan ni Jesus, na ang ugat na 'yun ay umigi.

Diyos Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid na babae matapos na pahiran siya ng langis, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, amin ngang hinihiling ang kanyang kagalingan. Amen.

928 Makalangit na Ama, habang ang aming kapatid na babae'y nakatayo para sa maraming dakilang mga katagumpayan na Iyong ibinunsod, nakatayo siya ngayon para sa isa sa Iyong lingkod, isang ministro, na may sakit na nerbiyos; nakikisimpatiya ang aming puso sa kanya yamang alam namin ang pinagdadaan niya. Dalangin ko, Diyos, na pahiran Mo ang aming kapatid na babae na nakatayo rito para sa ministrong ito at pahiran siya para sa kanyang kagalingan. Nananalangin ako, sa Pangalan ni Cristo. Amen...?... Batid ng Panginoon...?...

929 Mabuti. Natutuwa ako. Yan nga'y tunay na pahid ng Panginoon. Panginoong Diyos, matapos na ang babaing ito'y mapalaya mula sa demonyo na pinagpupunyagian niya nang maraming taon, isang araw Iyo siyang ibinunsod na dumako sa bahay na 'yun doon at pagkatapos ang Espiritu'y bumaba't, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON," matapos na siya'y umiyak, humandusay siya sa may altar, ginawa niya ang lahat ng nalalaman niya na magagawa, pero kinailangan mismo ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, dumudulong siya para sa sanggol ng kanyang kapatid na babae haya't ang bata'y nagsusuka; hindi makalakad, na lampas isang taong gulang na. Dalangin ko, Panginoon, na Iyong ipagkakaloob ang mga pagpapala ng Diyos sa kanya sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ikinagagalak ko 'yan, kapatid na babae, na iba na ang itsura ngayon, din. At ikaw nga'y malayong-malayo na sa kamatayan ngayon, hindi ba?

Diyos Ama, dalangin namin na Iyong pagpalain ang aming kapatid na babae habang pinapahiran namin siya at pinapatungan ng aming mga kamay at hinihiling na ang bagay na ito na Iyong sinabi: "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Magpapatong sila ng mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling." Inihahayag namin na kami'y mga mananampalataya, Panginoon, kaya kami'y nananalangin na Iyong gawin ang isang bagay, sa Pangalan ni Jesus...?...

930 Diyos Ama, yamang nalalaman ko ang puso ng munting babae na ito, dahil ibinuhos niya ito, dalangin namin na Ikaw ay mahabag sa kanya at ipagkaloob ang kahilingan na hinihingi niya. Oh Diyos Ama, para sa kanyang pamilya, para sa kanyang mga anak, para sa kanyang anak na lalaki, lalong-lalo na, Diyos, dalangin ko ngayon, na Iyong ipagkaloob ang mga bagay na ito...?... nang buong puso ko, aking hinihiling ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Diyos Ama, habang pinapahiran namin ang babaing ito ng langis, at ipinapanalangin siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus,

na Iyong pagagalingin siya at paiigihin ang lagay niya para sa kaluwalhatian ng Diyos.

⁹³¹ Ang pangalan mo ba ay West, siyanga?

Ama, nananalangin kami para sa munting binibini. May kahilingan siya para sa kanyang tatay. Ngayon, dalangin ko na pagkakalooban Mo ang kanyang tatay, ng tawag sa kanyang puso, Panginoon. Gusto niyang maligtas ang kanyang tatay. Ayaw niyang ang tatay niya'y mapadpad sa sanlibutan gaya ng batang ito, itong, kanyang sariling anak, kanyang anak. Dalangin ko, Ama, na Ikaw ay mahahabag sa kanya, sa Pangalan ni Cristo.

⁹³² Pagpalain ka, anak kong babae, nawa'y ipagkaloob sa iyo ng Diyos, ang bagay na hinihiling mo.

Minamahal na Diyos, nananalangin kami ng kahabagan para sa kanya, at hinihiling namin na Ikaw ay mahabag, habang pinapahiran namin siya...?...



MGA TANONG AT MGA SAGOT MGA HEBREO BAHAGI III TAG57-1006

(Questions And Answers On Hebrews Part III)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Oktubre 6, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org